# *ISANG PATOTOO SA DAGAT*

Bago natin iyuko ang ating mga ulo para sa panalangin, gusto kong bumasa ng ilang Salita ng Diyos. Gustung-gusto ko talaga na binabasa palagi ang Kanyang Salita; dahil mabibigo ang mga salita ko, ang mga ito kasi'y sa tao, pero ang Kanyang Salita'y hindi maaaring mabigo. At kayo na sinusundan ang teksto, at iba pa, bumasa tayo mula sa ika-14 na kabanata ng Mateo, ngayong gabi, umpisahan natin sa ika-22 talata.

> *At pagdaka'y* pinapagmadali *ni Jesus ang kaniyang mga alagad na magsilulan sa daong, at magsiuna sa kaniya sa kabilang ibayo, hanggang pinayayaon niya ang mga karamihan.*
>
> *At pagkatapos na mapayaon niya ang mga karamihan, ay umahon siyang bukod sa bundok upang manalangin: at nang . . . gumabi na, ay siya'y nagiisa doon.*
>
> *Datapuwa't ang daong ay nasa gitna na ng dagat, na hinahampas ng mga alon: sapagka't pasalungat sa hangin.*
>
> *At sa ikaapat na pagpupuyat ng gabi ay naparoon si Jesus sa kanila, na lumalakad sa ibabaw ng dagat.*
>
> *At nang makita siya ng mga alagad na lumalakad sa ibabaw ng dagat, ay nangagulumihanan sila, na nangagsasabi, Multo; at sila'y nagsisigaw dahil sa takot.*
>
> *Datapuwa't pagdaka'y nagsalita sa kanila si Jesus, na nagsasabi, Laksan ninyo* ang *inyong loob; ako nga; huwag kayong mangatakot.*

2 Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon para sa panalangin. Habang nakayuko ang ating mga ulo at mga puso sa harapan ng Diyos, mayroon bang pangangailangan sa gusali, ngayong gabi, na ibig n'yong ipabatid sa Diyos, sa pagtataas ng inyong mga kamay, at maalaala sa panalangin? Lingapin nawa kayo ng Diyos, na mahahabag sa atin.

3 Ama naming Makalangit, dumudulog kami ngayon sa Iyong Presensya, sa pamamagitan at sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Nababatid, na taglay ang pinagpalang katiyakan, na ipinangako Niya sa amin, na kung aming "hihilingin ang anumang bagay" sa Kanyang Pangalan, ay Iyong ipagkakaloob ito sa amin. Labis kaming nagpapasalamat para rito. Hindi kayang bigkasin ng mga salita ang aming nadarama tungkol dito, dahil sa taglay naming katiyakan, na nakikinig Ka sa amin ngayon mismo.

4 Nakita Mo po ang mga kamay na ito, Panginoon. Alam Mo kung ano ang pangangailangan nila. Ikaw ang nakababatid

ng lahat-lahatan, makapangyarihan sa lahat, walang hanggang Diyos, at batid naming nalalaman Mo ang mga puso ng mga tao. Alam Mo ang aming mga iniisip. Maging kahit bago pa man kami nalikha, alam Mo na ang bawat pag-iisip na iisipin namin, sapagkat Ikaw ay walang hanggan.

5 At dalangin namin, Panginoon, sa oras na ito, habang inaabot Ka ng aming mga pag-aasam, tumunghay Ka po mula sa mga Langit, Panginoon, at kunin ang aming mga kahilingan sa Iyo Mismong puso, Panginoon, at tugunin kami ayon sa Iyong kayamanan sa Kaluwalhatian. Ipagkaloob Mo po sa amin ang nasa ng aming puso, yamang nagtitiwala kami na ito'y Banal Mong kalooban. At alam namin na nakalulugod sa Iyo na gawin namin ang Iyong kalooban.

6 Pagkalooban Mo kami ng isang dakilang pagbuhos ng Iyong Presensya, ngayong gabi, muli Panginoon. Pagalingin Mo po ang mga maysakit. Iligtas ang mga naliligaw, ibangon ang mga patay sa kasalanan at mga pagsalangsang, at dalhin sila sa isang bagong Buhay, ngayong gabi. Makita nawa namin si Jesus. Hinihiling po namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

7 Makakaupo na kayo. Paumanhin po na wala na kaming mailaan na lugar para sa lahat, para ang lahat sana ay makaupo. Pero, mula pa noong unang gabi, sabi nila na kinailangan na nilang tanggihan ang napakaraming tao, kaya naman humihingi kami ng paumanhin dahil dun. At sadyang hindi pa nakapagtayo si Kapatid na Grant ng isa pang silid, siguro'y sa, para . . . Sa palagay ko'y sa kaliwa niya ililipat ang partisyon na ito. Ang kalugud-lugod, na pinakamamahal na kapatid ngayong araw ay tinanong ako kung gagawin ko raw ba itong isang taunang bagay, na babalik-balik sa Dallas, sa kanyang simbahan. Isa pong napakagandang paanyaya 'yan, sa oras na ito, kung kailan napakabilis na nagsasarahan na ang mga pintuan, at heto po na gusto pa niya na bumalik ako at gawin itong taunang bagay, taunang gawain. Ikinalulugod ko po.

8 Nagkaroon ako ng oras na makasama sila kaninang umaga, kasama sina Kapatid na Gordon Lindsay at marami sa kanila. Si Kapatid na Pearry Green, na tagapagtaguyod ng darating na pagtitipon doon sa Beaumont, nakaupo siya rito sa may likuran ko ngayong gabi. At marami pa po, ang mga kaibigan nating, sina Kapatid na Don at ang kanyang maybahay. Labis tayong nagagalak na nandito sila. Pagpalain sila ng Panginoon.

9 Ngayon, sa gabing ito, sadyang . . . Sinisikap ko na maging simple lamang ang mga Mensahe ko hangga't makakaya ko, para kahit bata'y maunawaan ang mga ito.

10 Bukas ng hapon ay isang gawaing pang-ebanghelyo, at sana'y makapunta kayong lahat.

11 Ngayon kung may mga gawain kayo sa sarili n'yong simbahan, siyanga't, manatili kayo—manatili kayo kung saan

ang inyong—kung saan ang nakaatang n'yong posisyon. Ayaw namin na may sinuman na iiwan ang sarili nilang simbahan, para. . .At pagkatapos kung may sakit kayo at gusto n'yong pumunta para mapanalangin, at ang simbahan n'yo naman ay may kasabay na gawain bukas ng hapon, kausapin n'yo ang inyong pastor tungkol dito, para hindi siya mag-isip nang masama, alam n'yo. Ipaalam n'yo sa kanya na narito kami para makipagtulungan, para—para tulungan ang buong Katawan ni Jesus Cristo na pansamantalang naninirahan dito sa Dallas at sa karatig na lugar.

12 Kaya, bukas ng hapon, sa palagay ko, alas dos y media, magsasalita ako ng isang pang-ebanghelyong Mensahe. At pagkatapos ay ipapanalangin natin ang lahat ng mga maysakit, itutuloy natin ang lahat nung mga prayer card at bagay-bagay na natira sa buong sanlinggo, at ipapanalangin silang lahat bukas.

13 Ngayon ang paksa ko ngayong gabi ay parang munting drama po, maya-maya. At sisikapin kong maipasok ngayong gabi hangga't makakaya ko, ang pananalangin para sa mga maysakit. Ang teksto ko ay, "huwag kayong matakot, Ako ito," na si Jesus ang nagsasalita. Ang paksa ko ay: *Isang Patotoo Sa Dagat*.

14 Marahil ay magdadapithapon na noon, papalalubog na marahil ang araw noong mangyari ito, at marahil ay araw na maalinsangan noong mga panahong 'yun na parang katulad dito.

15 Nakapatay ang aircon, at inaayos na nila. Yan ang dahilan kaya pinalitan ko ang paksa ko mula sa isa, ang paksa ng ipangungusap ko, para mabilisan ko ito, para hindi n'yo kailangang maupo sa init gaya nito.

16 Itong mangingisda na malaki ang pangangatawan, pagkatapos na makita kung ano ang pinagdaanan niya sa maghapon, kanyang nasasaksihan si Jesus sa dakilang pagmiministeryo Nito.

17 Gusto kong mabuhay noong panahong 'yun, na nasusundan Siya. Pero, alam n'yo, ikinagagalak ko na may pribilehiyo pa rin akong gawin ang ganoong bagay, na nasasasaksihan Siya na gumagawa ng mga bagay. At higit nga ang panoorin Siya ngayon kaysa noon. Mayroon akong higit na pananampalataya sa Kanya ngayon, at makapananampalataya nang higit ngayon kaysa noon, dahil nagkaroon na tayo ng dalawang libong taon upang patunayan na tama ang Ebanghelyo. At makalipas ang dalawang libong taon, buhay pa rin Siya, na sadyang ginagawa kung ano ang mga ginawa Niya noon, kaya mayroon tayong higit na katiyakan at isang higit na pundasyon para sa pananampalataya ngayon kaysa mayroon sila noon.

18 Dahil sa, isa lamang Siyang Tao na humahayo-hayo na may pag-aangkin na—na Siya ang isinugo mula sa Diyos at Anak

ng Diyos, at pinatutunayan ng Diyos ang Kanyang Salitang ipinangako para sa araw na 'yun noon, sa pamamagitan Niya, at tila may dahilan sila para pagdudahan 'yun. Ang mga teologo, nagduda nga sila! At napansin n'yo na isa itong nakalulungkot na bagay, talagang nakalulungkot 'yun, dahil paniniwalaan sana Iyon ng mga teologo kung hindi binulag ng Diyos ang mga mata nila. Yun mismo ang sabi ng Biblia.

19 At alam n'yo bang ipinangako Niya na bubulagin Niyang muli ang kanilang mga mata sa panahong ito, na hindi nila Ito makikita? Sila'y magiging "matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan sa halip na mga maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, mga hindi maibigin sa mabuti; may anyo ng kabanalan, datapuwat tinatanggihan ang Kapangyarihan nito." Kagayang-kagaya mismo ng sinalita noon. At halos wala kang magawa kundi maawa na lamang sa mga tao, haya't ang mga mata nila'y binulag hanggang sa araw na ito. Sa mga Kasulatang ipinangako ng Diyos na mangyayari sa araw na ito mismo, sa oras na ito, haya't nakatingin na tayo mismo rito at nasasaksihan ito. At pagkatapos ay tumitingin ang mga tao, at umiiling at lumalayo, sinasabi, "Hindi ko Ito nakikita." Isa itong kahabag-habag na bagay, pero gayon pa man kinakailangang matupad ang mga Kasulatan. Dapat na maging ganoon ito.

20 Mangyari nga na ang mga alagad na ito'y pinili ng Diyos. Napansin n'yo, sinabi sa kanila ni Jesus na, "Bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan," pinili na Niya sila, at sila'y mga itinalagang binhi ng Diyos. Kaya naman kapag dumarating ang mga problema, at kahit para bang nasukol ng mga tao si Jesus sa sulok, sa isang katanungan, ay wala pa ring mga pag-aalinlangan sa kanila. Hindi nila ito maunawaan, pero pursigido silang malaman ang wala nang iba pa kundi Siya lang. "Ikaw lamang ang may Salita ng Buhay." At pursigido silang manatiling kasama Nito, dahil itinalaga na sila sa katayuan na 'yun.

21 At ganoon din ngayon, na ang kalalakihan at kababaihang, itinalaga na sa Buhay na Walang Hanggan, ay mapaparoon sa Buhay na Walang Hanggan. "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin." Iyon ang Kanyang Salita, at hindi 'yun maaaring mabigo. Ito'y—ito'y Salita ng Diyos.

22 At makikita natin ang mga alagad na ito, na nagkaroon ng isang napakainam na pagtitipon noong araw na 'yun, doon sa isang malaking bukirin sa may gilid ng isang bundok. At sinabi ni Jesus sa kanila, "Ngayon tumuloy na kayo sa pagtawid sa dagat, mauna na kayo sa Akin." At aakyat pa nga Siya sa isang bundok, nang mag-isa, para manalangin. At ang mga alagad na ito, matapos na magkaroon ng bagong mga kaibigan, sadyang nakikinita ko kung gaano mismo ang naramdaman nila.

23 Dahil, kapag nakakasama natin ang mga kaibigan natin, tapos kinakailangan nang maghiwa-hiwalay; sa oras na kakikilala n'yo pa lang, pagkatapos ay kailangan n'yo nang magpaalam sa isa't isa. At 'yun palagi noon pa man ay para bang matinding kalungkutan sa akin, sa buong bansa, sa buong mundo, ang may makilalang mga kaibigan at pagkatapos ay magpapaalam sa kanila, na nalalamang marami ang hindi mo na makikita hanggang sa makita mo sila uli sa Paghatol. Ito'y para bang isang malungkot na pangyayari.

24 Nakikinita ko ang bangka, na 'yung—'yung harapan nito'y nakadaong sa pampang. At marahil si Simon Pedro, sa kanyang maskuladong mga braso at mga balikat, na itinulak ang bangka't ibinaling ang harapan at iginawi ito papunta sa laot. At silang lahat ay kumakaway na nagpapaalam doon sa mga nasa pampang. At sumisigaw sila, "Bumalik kayong muli at dalhin n'yo ang Guro rito upang makipagkita sa amin! At bumisita't magkaroon ng isa pang rebaybal; labis kaming pinagpala ngayong araw na ito!" At kumakaway ang mga bagong magkakaibigan. At pinalulan na niya ang iba pa sa mga alagad, at naupo marahil sa tabi ng kapatid niyang, si Andres, at dinampot na ang mga sagwan.

25 Ang—ang mga barko noon ay pinapaandar ng alinman sa hangin o sa pamamagitan ng mga sagwan na pinangsasagwan nila. At pagkatapos marahil nakaupo sila ng dalawahan sa isang bangka, dalawahan sa magkabilang gilid, at kanilang. . . o dalawa sa isang upuan, pala, marahil anim o walong kalso ng sagwan. Tapos magsasagwan sila nang sabay, at sa ganoong paraan ay mapapanatili nila ang bangka na nakapagitna kapag bumabagyo. Tapos, kung normal ang ihip ng hangin, maaari nilang itaas ang isang layag, at maglayag.

26 Isang mainit na hapon marahil noon, gaya ng nakasaad sa Kasulatan bago lamang ang pangyayaring ito, at ganoon na nga na marahil napakatahimik, na maaraw, na mainit na hapon noon. Papalubog na ang araw. At sila, habang nagsasagwan sila, at pagkatapos ay pumalaot na't kumaway-kaway para magpaalam sa mga tao, "Inaasahan naming makita kayong muli sa isang pagkakataon," habang papunta na sila sa dagat. At palubog na ang araw, at patakipsilim na, at pagkaraan ng ilang sandali pa'y nag-umpisa—nag-umpisa nang dumilim.

27 At marahil may kaunting simoy na nagpabilis sa—sa kanilang pagsagwan, at mahirap na trabaho kasi 'yun kapag sumasawsaw ang mga napakabigat na sagwan sa dagat. At karamihan sa kanila ay—ay mga mangingisda, at malalakas na kalalakihan, na mga sanay sa dagat. At mangyari nga na inaasahan nila si Jesus na lululan sa bangka't susunod sa kanila, hindi magluluwat. Haya't, nakadako na sila roon, at marahil bumabaybay sila nang medyo malapit lang sa pampang;

para bang ibinubuwelo pa lang ang iyong bangka, at saka magtutuluy-tuloy na.

28 Marahil ang bata pang si Juan ang siyang unang nagsalita, dahil siya ang pinakabata sa grupo. At marahil ang sabi niya, "Medyo napapagod na ako. Baybayin natin ang pampang nang kaunti. Maghintay lamang sandali, hindi natin kailangang magmadali. Wala pa naman Siya, kaya mas maiging maghintay tayo nang kaunting sandali't medyo lumanghap muna ng sariwang hangin."

29 At habang nakaupo siya roon na medyo nakababa nang kaunti ang kanyang ulo, marahil sinimulan niya ang isang pagtitipon para sa mga patotoo. At 'yun ang gusto kong pag-usapan. Siya marahil ang unang tumayo, at nagsabi, "Mga kapatid, kahit ano man ang sinasabi ng mga tao, at gaano mang gustung-gusto ng iba na di-manampalataya, nakatitiyak ako nang husto ngayon, matapos ang araw na ito, na hindi tayo sumusunod sa isang huwad. Ang sinusundan natin ay wala nang iba't ang Diyos mismo, dahil walang tao ang makagagawa ng ginawa Niya sa araw na ito maliban na 'yun ay ang Diyos. Alam n'yo, noong dinampot Niya ang mga tinapay na 'yun at pinagputol-putol ang mga 'yun, at pinakain ang limang libong tao na naroon, 'yun ang pinaka kamangha-manghang bagay sa akin. Maaaring may pag-aalinlangan pa hanggang sa araw na ito," ngayon inuulit ko lang po ang patotoo niya kung paano 'yun, "pero natugunan na ito."

30 Sabi, "Naaalala ko pa ilang mga taon na ang nakalipas. Nakatira ako dati malapit sa Jordan. At naaalala ko, bilang bata pang paslit, kung papaanong ang aking magandang, Judio na nanay ay sinusundo ako dati, tuwing hapon, at inilalagay ako sa kanyang kandungan at hinehele ako, sa may balkonahe, kapag ang mga bulaklak ng amapola'y namumukadkad na sa may gilid ng mga pampang ng Jordan. At lagi siyang tumatanaw-tanaw doon sa direksyon ng disyerto, kung saan dinala ang ating bayan na lakbayin ang disyertong ito. Nagkukuwento siya dati sa akin ng mga kuwento sa Biblia. Ang isa sa mga dakilang kwentong naaalala ko, ay 'yung babaing Sunamita at ang munting anak niyang lalaking namatay, at—at binuhay muli ng propeta ang munting batang 'yun mula sa patay. Kapana-panabik dati ang kuwentong 'yun.

31 "Pero ang isa sa mga pinaka kapana-panabik na kuwento, at ikinukuwento dati sa akin ni nanay, na lagi niyang sinasabi dati, 'Ngayon, Juan, isa ka pa lang munting bata; pero gusto kong tandaan mo sa iyong pagtanda, na, inilabas ng dakilang Jehovah ang ating bayan mula sa Egipto, at dumaan tayo sa ilang na 'yun sa kabila ng ilog doon. At ang lahat sa loob ng apatnapung taon, naglakbay sila sa ilang na 'yun, wala namang lugar para pagkuhanan ng mga damit, at wala namang lugar para mapagkainan. At nagpaulan ang Diyos ng tinapay mula

sa langit, gabi-gabi, at pinakakain ang ating bayan sa ilang na ’yun, dahil naroon sila sa iniatang sa kanilang tungkulin, na sumusunod sa dakilang Jehovah. At ngayon, balang araw, ay magsasalaman dito sa lupa si Jehovah, sa anyo ng isang Tao, tatawagin Siya na Yaong Pinahiran, ang Mesiyas.’

32 “At naaalala ko,” sasabihin niya, “yamang isang musmos pa lang, pilit inuunawa ng musmos kong isip, pilit inuunawa, ‘Papaano kaya pinakain ng Diyos ang lahat ng ’yun, dalawa’t kalahating milyong katao, sa ilang? Papaano kaya Niya nakuha ’yung lahat ng tinapay na ’yun? At tinatanong ko dati si nanay, ‘Nanay, Siya ba, mayroon—mayroon ba si Jehovah na napakalalaki’t sangkatutak na mga pugon sa itaas sa langit, at niluluto Niya sa pugon ang lahat nung mga tinapay, at bumababa sa gabi at inilalapag ’yun doon sa—doon sa lupa, para sa mga tao, at ang maluwang ba na kalangitan ni Jehovah ay punung-puno mismo ng mga pugon?’ Sasabihin nung nanay, ‘Hindi, anak, napakabata mo pa para maunawaan. Kita mo, si Jehovah ay isang Manlilikha. Hindi Niya kailangan ng mga pugon. Sinasalita Niya lamang, at natutupad ang Kanyang Salita kapag Siya’y nagsasalita. Siya ay dakilang Jehovah, at sinalita lamang Niya ’yun. At ipinamamahagi ’yun ng mga Anghel sa lupa, para sa mga tao.’

33 “At ngayong araw na ito, noong nakita ko Siyang tumayo roon, napansin n’yo ba ang tingin na ’yun sa Kanyang mukha? Walang pag-aalinlangan sa Kanyang isip. Pumuwesto ako roon sa likuran ng bato, at pinanood Siya habang kinukuha Niya ang tinapay na ’yun at pinagputol-putol ’yun, at ibinigay ’yun sa . . . Kanyang mga ministro, tayo, para ipamahagi ’yun sa mga tao. At pagkatapos noong muli Siyang dumampot para pumutol muli, buo na naman ang tinapay na ’yun. At ginawa Niya iyon nang daan-daang beses, hanggang sa mabusog ang bawat isa, at may mga bakol pa, na napuno, na mga iniligpit. Alam kong wala nang iba pa ’yun kundi si Jehovah, dahil sa kumilos Siyang gaya ng ginawa ni Jehovah. Si Jehovah lamang ang makakalikha. At alam kong hindi isang pekeng Lalaki ito. May iisa lamang na Manlilikha, at ’yun si Jehovah. At ngayon, sa lahat ng mga bagay na nakita ko, sapat na ’yun sa akin.

34 “Gusto kong malaman n’yo ngayon na ganap nang nakasuko ang puso ko, at ganap akong naniniwala na hindi lamang Siya isang propeta. Isa nga Siyang propeta, subalit higit pa Siya sa isang propeta. Siya ay wala nang iba pa kundi si Jehovah na Diyos na tumatahan sa gitna natin, dahil lumikha Siya ng tinapay, at nasa Kanya ang mga katangiang-gawa ni Jehovah. Kaya naman masasabi Niya, ‘Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon huwag ninyo Akong sampalatayanan; subalit kung ginagawa Ko ang mga gawa ng Aking Ama, at hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawa, sapagkat nagpapatotoo

ang mga ito patungkol sa Akin at nagsasabi kung Sino Ako.' Kung tutuusin ay dapat makita 'yun ng mga tao, na ganoon lang pala 'yun mismo."

35 At sapat na kay Juan na Siya ang Mesiyas, Yaong sinabi ni Isaias, "Sa atin ay ipinanganak ang isang Bata, at ang Kanyang Pangalan ay tatawaging Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama." At sumapat 'yun kay Juan dahil sa nasaksihan niya. Nagpapatotoo nga 'yung kabataang lalaki.

36 Sa mga oras din na 'yun, sabi ni Simon Pedro, "Buweno, ngayon, sandali lamang. Kung magkakaroon tayo ng pagtitipon para sa mga patotoo, may gusto rin akong sabihin. Alam n'yo, labis akong may pagdududa sa buong bagay, nang si Andres na kapatid ko, na dumalo sa rebaybal ni Juan na propeta, na nagpatotoong darating na ang Mesiyas at ipapakilala niya Siya. At medyo may pagdududa lamang ako sa sinasabi sa akin ni Andres, dahil sa nakarinig na ako ng lahat na ng klase ng mga kuwento tungkol sa Mesiyas at lahat na ng iba pa.

37 "Pero kayong lahat na mga kapatid ko'y naaalala n'yo ang matanda kong tatay. Ang pangalan niya'y Jonas. At naaalala n'yo siya, kung papaanong isa siyang matatag na mananampalataya. Kung paanong naaalala ko si nanay at tatay, at lahat kami, dahil sa pangingisda ang ikinabubuhay namin, at wala kaming mahuli-huling isda; kailangan namin ng makakain, at kung paanong lumuluhod kami sa sahig at nananalangin sa Diyos, 'Pagkalooban Mo po kami ng huli sa araw na ito, Diyos, upang maipagbili namin ang aming isda, at mabayaran ang aming mga utang, magkaroon ng pagkain na makakain.' At kung papaanong pumapalaot kami roon sa dagat, sa bagyo, at naglalakas-loob na—na harapin ang mga bagyong 'yun.

38 "At si tatay, nakikita ko na ang nagkukulay-uban niyang buhok na nakalaylay pababa sa kanyang likod, isang araw habang nakaupo siya sa panaling lubid ng layag ng bangka at kinakausap ako, ang sabi, 'Simon, ikaw ang pinakamatanda kong anak na lalaki. Alam mo, pinaniwalaan ko na noon pa man, Simon, na makikita ko ang Mesiyas. Hinihintay Siya ng mga kababayan natin magmula pa sa Eden. At nakatitiyak tayong darating Siya, kahit gaano pang katagal. Iyon nga'y apat na libong taon na ang nakalipas, sasabihin mo. Subalit naniniwala akong darating nga ang Mesiyas. At naniniwala ang bawat Judio na makikita niya ang Mesiyas sa kanyang henerasyon. Umaasa akong makikita ko Siya sa aking henerasyon. Subalit mukhang, tumatanda na ako ngayon, kinakailangan ko nang ihinto ang pandaragat, at nagkakaroon na ako ng mga pananakit at kirot, hindi ko na marahil makikita Siya sa panahon ko. Subalit marahil makikita mo Siya, anak ko.

39 "'At gusto kong sanayin ka sa mga Kasulatan. Anak, bago lumitaw ang Mesiyas sa eksena, magkakaroon ng lahat na ng klase ng mga kaganapan, lahat ng klase ng mga huwad na bagay, dahil gagawin 'yun ni Satanas, para sirain ang impluwensya ng tunay na Mesiyas pagparito Niya.'" Ganoon na noon pa man; ganoon nga rin ito ngayon.

40 At pagkatapos nalaman natin, sabi niya, "Naaalala kong inakbayan ako ni tatay, sabi, 'Anak, may isang paraan lamang na makikilala mo ang Mesiyas na 'yun. Ngayon nagkaroon tayo ng daan-daang taon na walang anumang propeta. Si Malakias ang huli nating propeta. Apatnaraang taon na ang nakalipas, hindi pa tayo nagkaroon ng isang propeta. Pero tatandaan mo, sinabi sa atin ni Moises, sa mga Kasulatan, na, pagdating ng Mesiyas, magiging isa Siyang propeta, kapag bumangon na Siya sa eksena. Tayong mga Judio ay tinuruang maniwala sa propeta. At ang paglalakbay ng Mesiyas sa lupa ay isang binigkas na Salita ng Diyos, na ipinangako Niya sa atin. At palaging dumarating ang Salita sa isang propeta, at pinatutunayan ng isang propeta ang Salitang 'yun. Huwag na huwag mong kalilimutan 'yun, anak! Maaaring may maglitawan na dakilang mga bagay, maaaring may maglitawan na matitinding mga kasigasigan at—at dakilang mga bagay. Pero tatandaan mo, ang Mesiyas ay magiging isang propeta, dahil alam na nating hindi kailanman binabago ng Diyos ang Kanyang pamamaraan, at sinabi na Niyang ang Mesiyas ay magiging isang propeta. Kaya tatandaan mo, anak, ang mga propeta'y 'yung mga nagtataglay ng Salita ng Panginoon. At pagparito ng Mesiyas, Siya'y magiging isang propeta.'

41 "Heto nga na para bang nararamdaman ko pa rin ang bisig ni tatay," sabi ni Simon, "habang inaakbayan niya ako. At nakatayo roon si Andres na naghuhugas ng lambat, noong oras na 'yun. Natatandaan mo ba 'yun, Andres?"

"Oo, Simon, natatandaan ko—natatandaan ko pa."

42 "At sinisikap na sabihin sa akin ni Andres na ang Juan na ito ay isang propeta. May mga iba pa akong kinailangang gawin, kinailangang itinda ang isda at mga bagay-bagay. Ganoon na nga na patay na si tatay nang maraming taon na, pero nananatili sa isip ko 'yun; sabi ni tatay, 'Ang Mesiyas na ito ay propetang makikilala sa pamamagitan ng Kasulatan, at huwag kalilimutan 'yun, dahil 'yun ay isang Salita ng Diyos na binigkas. At ang Salitang 'yun ay palagi-lagi nang dumarating sa mga propeta; na ipinakikilala ito, o inihahayag kung ano ang ipinangako para sa kapanahunan.'"

43 At ngayon si Simon, "Isang araw," sabi, sabi niya, "alam n'yo, hiniling sa akin ni Andres na pumunta sa isang pagtitipon. At pumunta ako roon sa pagtitipon kung saan ang Lalaking ito, si Jesus, ay naroon. At nakarinig na ako ng lahat na ng klase ng

mga bali-balita. Mayroon pa nga noon na Jesus daw na lumitaw, bago Siya, na nangakong magiging isang dakilang kung ano man, pinangunahan ang apatnaraan palabas at nangapahamak silang lahat, at kung anu-ano pa. Ang akala ko'y isa na naman itong katulad nun, na may taglay na kung anong klaseng kasigasigan ng kung anong rebaybal, o kung anong malaking denominasyon na itatayo nila. Pero isang araw napagisip-isip kong sumama rito kay Andres, na kapatid ko."

44 At para ko pong nakikinita, noong mga oras na 'yun, 'yung bangka ay unti-unti nang umuuga. May isa na napasigaw, at sabi niya, "Maupo kayo! Huwag n'yong ugain ang bangka. Sandali lamang. Pumirmi kayo sa pagkakaupo."

45 At sabi niya, "Alam n'yo, noong nagpunta ako roon at lumapit sa harapan Niya, sa unang pagkakataon, tiningnan Niya ako nang diretso sa mata at sinabi sa akin kung anong pangalan ko. Hindi pa Niya ako nakikita noon kailanman. Hindi lang Niya ako kilala, kundi kilala rin Niya 'yung banal kong matandang tatay, na nagturo sa akin sa mga Kasulatan. At napagkilala ko na Iyon na nga ang Mesiyas. Sapat na 'yun para sa akin, doon mismo. Sapat na mismo 'yun. Iyon ay nagpaging tama na, para sakin."

46 Marahil si Felipe ang nagsabi, "Maaari ba akong magsalita rito?" Ngayon sabi niya, "Kapatid na Natanael, huwag mong hayaang makasakit ito sa iyo; dahil, pinag-aralan nga natin ang mga balumbon ng aklat sa loob ng napakaraming taon, kung magiging ano mismo ang Mesiyas. Pero noong nakita kong ginawa Niya 'yun, umalis ako at dinala ang kaibigan ko ritong, si Natanael. At noong lumapit na siya . . . "

Sabi ni Natanael, "Hayaan mong ako na ang magkuwento nito. Hayaan mo nang ako ang magsabi nito."

47 Oh, alam n'yo na, may kung anong bagay kapag may ginawa para sa iyo si Jesus, kayo—kayo nga'y hindi maaaring pumirmi't manahimik lang, kinakailangan n'yong sabihin 'yun, kayo mismo. Hindi ba't ganoon nga 'yun? Kung isa itong tunay na bagay, sadyang kinakailangan mong sabihin 'yun. Noong puspusin Niya ako ng Banal na Espiritu, gusto kong ipagsabi ang tungkol dito. Ibig kong malaman ng sinuman ang tungkol dito. Hindi na ibang tao ang magsasabi nito; gusto kong, ako mismo.

48 At parang nakikinita ko, nasabik si Natanael at sabi, "Alam n'yo, gusto kong sabihin ito. Medyo nagduda ako sa iyo, Felipe, noong sinabi mo sa akin. Tinanong kita, 'Mayroon bang mabuting bagay na maaaring manggaling sa Nazaret?' At binigyan mo ako ng pinakamagandang sagot na maaaring maisagot ninuman, 'Halika't tingnan mo mismo.'" Mabisa pa rin 'yan hanggang ngayon. Siyanga. Huwag kang manatili sa bahay at mamuna riyan. Pumunta ka't, alamin mo mismo, kita n'yo. "Sabi, 'Mayroon bang anumang mabuting bagay na maaaring

manggaling sa Nazaret?' Sabi, 'Halika ka't tingnan mo sa iyong sarili.' At alam mo kung anong sinabi mo sa akin.

49 "At paglapit ko sa Kanyang Presensya, at sinabi Niya sa akin na ako ay 'isang—isang Hebreo, isang Israelita, at isang matapat na tao,' alam ko na agad.

50 "Pero naisip ko, 'Papaano 'yun nangyari?' Mukha naman siyang pangkaraniwang tao. Ang inaasahan ko kasi'y bababa ang Mesiyas sa isang ginintuang pasilyo mula sa Langit, pupunta mismo sa pinuno ng denominasyon dito, sa Jerusalem, lalabas at sasabihin, 'Caifas, dumating na Ako.' Pero nalaman nila, nagmula Siya sa Nazaret, mula sa isang mahirap na pamilya; at sa katunayan para bang may maitim na pangalan na nakakabit sa Kanya, bilang 'isang ilehitimong anak.' Narito't nakatayo Siya, nakadamit ng pangkaraniwang mga damit, hindi gaya ng isang pari o kung ano; isa lamang pangkaraniwang lalaki. At sa isip-isip ko, noong lumapit ako roon, 'Papaanong magiging isang Mesiyas 'yan? Nakasuot lamang ng isang lumang damit, na suot na Niya mula pa noong Siya'y bata pa, at heto't suot ang siya pa ring damit; at nakalaylay ang buhok Niya sa Kanyang likod. At gaya ng isang pangkaraniwang tao ng lansangan.'

51 "At tiningnan Niya ako sa mukha, at sabi, 'Bago ka tinawag ni Felipe, noong nasa ilalim ka ng punongkahoy, ay nakita na Kita.' Sapat na 'yun para sa akin. Alam ko, sa pamamagitan ng Salita, na iyon na mismo ang Mesiyas. Siya na 'yun."

52 At umuga marahil ang bangka, at kasalukuyang nagaganap ang pagtitipon na 'yun ng mga patotoo. Oh, napakainam na panahon ang tinatamasa nila, sa dako roon sa dagat, sadyang nagtatamasa ng maluwalhating panahon.

53 Sabi ni Andres, "May gusto akong sabihin na para bang naging palaisipan sa akin nang matagal. Naaalala n'yo pa ba noong papunta tayo—papunta tayo sa Jerico? Sabi Niya, 'Dapat tayong pumunta roon; kailangan Kong dumaan ng Samaria.' Kaya, nagpunta Siya sa Samaria at doon sa bayan ng Sicar, noong pinaalis Niya tayong lahat para bumili ng pagkain doon sa bayan."

54 "Oh, oo, naaalala ko 'yung, balon!" Lahat sila, "Oo, oo!" Lumalakas ang pag-uga ng bangka, pero ang lahat ay may kay iinam na patotoo pagkatapos nung rebaybal. Mangyari nga na idinaraos nila ang pagtitipon na ito ng puro patotoo.

55 At sabi niya, "Oo, at naaalala n'yo patago tayong bumalik, at, hindi natin akalain, nakita natin ang ating Panginoon na nakikipag-usap sa isang kilalang patotot. 'Uh-huh,' sa isip-isip natin, 'hindi yata maganda. Tingnan n'yo Siya sa dako roon na nakikipag-usap sa bata pang babae na ito. At pinaalis tayo, at heto Siya sa dako rito kasama itong babae na may masamang reputasyon na nakaupo riyan.' Naaalala n'yo, nakatayo lamang

tayo sa likod ng mga palumpong, at pinapakinggan natin ang usapan nila.

56 “At narinig natin Siyang sinabi sa babae, ‘Babae, pumunta ka’t sunduin mo ang iyong asawa’t pumunta ka rito.’

57 “At sabi natin, ‘Buweno, baka nagkamali tayo, maaaring ’yung babae ay talagang lehitimong kasal.’

58 “At tiningnan lang Siya sa mukha nung babae, at nagsabi, ‘Ginoo, wala akong asawa.’

59 “Naaalala n’yo kung papaanong nakaramdam tayo ng kabiguan sa mga puso natin? ‘Ang dakila nating Mesiyas na pinagtiwalaan natin, heto’t huling-huli sa kasinungalingan, nalagay sa alanganin na katayuan, dahil ang sabi Niya, “pumunta ka’t sunduin mo ang iyong asawa,” at nagpatunay naman ang babae na wala siyang asawa. Ngayon masama ang balik nun sa Kanya.’ Naaalala n’yo kung papaanong gulat na gulat tayo, at pigil tayo sa paghinga?”

“Oo, naaalala ko ’yun.”

60 “At pagkatapos ay naaalala n’yo ba ang sumunod na mga salita? Sabi Niya, ‘Katotohanan ang sinabi mo, sapagkat nagkaroon ka na ng lima, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa.’ Oh, naaalala n’yo ba ang pagtitipon na ’yun na puno ng patotoo sa likod ng palumpong na ’yun? Grabe!” Kita n’yo, hindi n’yo Siya mailalagay sa alanganin. Siya ay Diyos. “Oh,” sabi ni Simon, “ganoon nga . . . ” Sabi ni Andres, “Sapat na ’yun para sa akin.”

61 Sabi ni Bartolome, “Sandali, gusto kong mabigay din ng isang patotoo. Maaari ba akong makapagbigay din, mga kapatid?”

62 “Oh, buweno, sa palagay ko’y maaari naman, marami pa tayong oras. Hindi pa rin Siya dumarating, kaya magsasagwan pa tayo nang kaunti. Sige, Bartolome, maaari ka nang magpatotoo.”

63 “Buweno, ang isa sa mga pinaka dakilang bagay para sa akin, naaalala n’yo ba ang kapatid nating babae sa Jerico, na nagngangalang Rebekah?”

“Oo.”

“At ang asawa niya ay may negosyo noon na restawran.”

“Uh-huh.”

64 “At—at isa siyang negosyante, at ang pangalan niya’y Zaqueo.”

“Oo, oo, naaalala ko nga siya.”

65 “Naaalala n’yo, si Rebekah ay—ay isa sa mga kapatid nating babae. Nanampalataya siya sa Panginoon, at labis siyang natakot na baka pabayaan lamang ni Zaqueo na mapalampas ang lahat ng ito nang hindi tinatanggap si Jesus. At, oh, si

Zaqueo ay isang napakabuting kaibigan ng saserdote roon. At kaya nananalangin ang kapatid na babae na nawa ay may bagay na mangyari para ang mga mata ng kanyang asawa'y mamulat, at makilala ng asawa niya na ito ang Panginoon, ito ang pinagtibay na Salita ng Diyos, na nagsalaman sa gitna natin. At sinikap nating sabihin sa kanya. . . sabihin kay Zaqueo ang tungkol sa kung papaanong natatalos ni Jesus na taga-Nazaret ang mga lihim ng puso, na nagpapakitang Siya ang Salita, dahil kumikilala ng mga pag-iisip ng puso ang Salita.

66 "'Kalokohan,' sabi ng lalaking ito, 'pinaniniwalaan ko ang saserdote. Kung anong sinasabi ng pari ay sapat na para sa akin.' Dahil kabilang siya sa lahat na ng—ng mga samahan ng lungsod, ng Kiwanis at lahat na ng iba pa, alam n'yo, kaya siya . . . medyo mahirap para sa kanya na iwan ito.Kaya hiniling ni Rebekah sa ating lahat na manalangin—na manalangin. At sa tuwing hahantong tayo sa paksang isa Siyang propeta, sinasabi niya, 'Kalokohan! Sabi ng saserdote, "Siya'y Beelzebub. Isa Siyang diyablo. Nagagawa Niya ang bagay na 'yun sa pamamagitan ng kapangyarihan ng diyablo. At isa lamang Siyang nagbabasa ng isip. Ganoon lamang ito. Walang kahit ano man dito." Kaya walang ganoong bagay sa panahong ito; hindi tayo nagkaroon ng propeta sa loob ng daan-daang taon. At papaanong ang Lalaking 'yun, ni wala man lamang card na patunay ng pakikisama sa simbahan, papaano Siya kailanman magiging isang propeta? Oh, hindi nga Siya maaaring maging ganoon!'

67 "Subalit, alam n'yo, patuloy pa rin na nanghawakan si Rebekah, ang kanyang maybahay, at nanalangin. At isang araw noong padating si Jesus sa siyudad, buweno, pagkatapos ay nalaman natin na, sinabi sa atin ni Rebekah na nagpunta raw si Zaqueo doon sa—sa kalsada, para makita Siya. Ganoon nga na hindi nga niya pinaniniwalaang isa Siyang propeta, kaya sabi niya, 'Titingnan ko lamang Siya nang maigi,' kung paanong ipinatotoo niya sa atin sa restawran noong isang araw noong kumakain tayo. Kaya umakyat daw siya sa isang puno ng sikomoro, at ang sabi, 'Alam mo kung ano, itatago ko lamang ang sarili ko rito sa itaas para hindi Niya ako makita. Maliit naman akong tao, hayan nga, napakaliit. At hindi ko Siya makita roon, sa dami ng tao, kaya aakyat na lang ako rito sa itaas ng puno.' At nakarating siya dun sa kung saan 'yung dalawang—dalawang sanga ay magkasalubong, at naupo siya roon, sa mga sangang 'yun."

68 Sadyang magandang lugar 'yun para maupo't pag-aralan ito. Doon sa dako kung saan nagkakasalubong ang dalawang pamamaraan, ang sa iyo at ang sa Diyos; ang mga ideya n'yo. Mabuting bagay 'yun, para pagbulayan ito.

69 "Kaya sabi niya, 'Alam n'yo kung ano, marahil isa nga Siyang propeta. Maaaring ganoon nga Siya. Puwedeng mangyari na mali ako. Kaya sasabihin ko, mamatyagan ko Siyang maigi;

at hindi naman Niya ako makikilala. Kaya titipunin ko lamang ang lahat ng mga dahon na ito at itatabon ko sila nang paganito, sa palibot ko, at itatago ko ang sarili ko para di Niya ako makita ano't anuman. At panonoorin ko Siya pagdaan Niya. At kung hindi Siya mukhang ang tamang klase ng tao, sasabihin ko sa Kanya ang saloobin ko, sa pagkakaupo ko rito sa itaas ng punong ito.' Kaya nagmasid siya, at may dahon siya dun na iaangat lang niya't masisilip niya Siya pagkaliko Niya roon sa kanto.

70 "At pagliko Niya roon sa kanto, na naglalakad sa kalsada, alam n'yo, tumitingin sa magkabilang panig, at sinasabi ng mga alagad, 'Tumabi kayo. Pasensya na po.' At ang mga tao'y may mga dala-dalang anak na may sakit at kung ano pa. 'Pasensya na po, pagod na pagod po ang Guro; dahil sa kamangha-manghang gawain kagabi.' At, may pagka-maginoo, 'Maaari po ba kayong tumabi at paraanin Siya, habang nagdaraan Siya patungo roon sa siyudad, haya't maaari po bang tumabi lamang kayo?' At nakaupo si Zaqueo rito sa itaas ng puno, nakatunghay sa Kanya.

71 "At dumiretso mismo si Jesus sa ilalim ng puno, huminto, tumingala at ang sabi, 'Zaqueo, bumaba ka riyan. Sasama Ako sa iyo pauwi ngayong araw na ito, para magtanghalian.' At sapat na 'yun para sa akin. Alam Niyang naroon ito sa itaas, at alam ang pangalan niya, kung ano siya. Sapat na 'yun. Iyon na mismo ang Mesiyas, para sa akin. Siyanga, po. Dahil, alam na nating ganoon ang gagawin ng Mesiyas. Tunay nga. Mangyari nga na kinailangan Niyang sumama sa kanya pauwi, sabi, noong araw na 'yun para sa hapunan. Napakagandang oras nun! Tandang-tanda natin 'yun."

72 Alam n'yo, marahil mga ganitong oras din noon, nung kasalukuyang nagaganap ang pagtitipon na 'yun ng mga patotoo. Alam n'yo, na ang mga alagad na ito sa dagat, ay nagpapatotoo, marahil dumidilim na't gumagabi na sa dako roon, na doon sa mga lupain sa hilaga, si Satanas ay marahil umakyat doon sa burol at tumanaw sa ibaba. Tumanaw siya sa pagtitipon na 'yun ng mga patotoo, at nalaman niyang umalis ang mga alagad na hindi kasama si Jesus. Hayun na ang pagkakataon niya.

73 Kita n'yo, sa palagay ko'y nanunumbalik muli ang eksenang 'yan, naulit mismo. Sila, sa sigasig ng rebaybal, umalis silang hindi Siya kasama. At naniniwala akong marami na ang nangyaring ganyan sa atin ngayon, na, sa oras na ito ng panlilito, at pagkatapos ng matinding rebaybal na ito na nasaksihan natin. Lumaganap ito sa palibot ng mundo. Ang bawat bansa'y nagkaroon ng mga apoy ng rebaybal, nag-aalab; dakilang mga gawaing pagpapagaling; ang mga tao'y natatanggap ang Espiritu Santo, mga taong sampung makailang libo. At sa kasigasigan nito, gaya nung mga alagad na nagpapatotoo ukol sa mga ginawa Niya, "at, oh, nasaksihan natin Siyang gumawa ng *ganito*, at nasaksihan natin Siyang gumawa ng *ganoon*,"

Naniniwala akong lumarga tayo na gaya rin nila, haya't hindi Siya kasama.

74 Nalihis tayo na napatungo sa malalaking oportunidad na—na iprinesenta ng rebaybal. Nalihis tayo sa mga oportunidad na kumita ng maraming pera, magkaroon ng mga simbahan, magpatayo ng mas malalaking gusali, naglalakihang milyun-milyong dolyar ang halaga na mga lugar, mahuhusay na paaralan, mga sistemang pang-edukasyon, at pinalalawig ang ating mga denominasyon. At saka nagkakaroon ng mga programang pang-komunismo, antikomunismo, 'yun na lamang ang pinag-uusapan natin ngayon. At malalaman mo na lang, natanaw tayo ni Satanas sa ating mga programang pang-antikomunismo, sa ating naglalakihang mga programang pangdenominasyon, at sa ating "magpaabot pa tayo ng milyong bilang," at kung anu-ano pa, gaya ng mayroon sila.

75 At nalihis tayo na hindi na naibalik 'yung makalumang pagtitipon para sa pananalangin at ang bautismo ng Espiritu Santo, hanggang sa humina na ang apoy. Maaari kang sumigaw, at sikaping mapapunta ang mga tao sa altar, at lalapit nga sila pero parang halos mga patay na, at natatakot na lumapit. At tapos hihilingin mo sa mga ministro na pumunta't samahan silang manalangin, "Oh, bakit ako pa ang tinawag?" At bababa sila roon, at halos hindi mo sila mapapunta. At tatayo sila roon sa loob lamang ng ilang mga minuto, titingala sa iyo, at babalik na't mauupo sa kanilang mga upuan. Para sa akin, namatay na 'yung apoy! May kung anong nangyari. Pakinggan n'yo! Ang kailangan natin ay isang rebaybal, upang ang mga makasalanan, na tumitingin kay Cristo, ay magsipagsisi, tumakbo sa altar na nakataas ang kanilang mga kamay, sumigaw para sa habag, at ang buong iglesya ay isang naglalagablab na apoy, na may kaluwalhatian ng Diyos.

76 Ang sigasig natin ay para sa oportunidad na mapalawig ang ating mga denominasyon, nagpatayo tayo ng mas naglalakihang mga paaralan para bigyang edukasyon ang ating mga ministro, at lalo pa silang ilayo sa Diyos kaysa noong una. Hindi nakikilala ang Diyos sa pamamagitan ng edukasyon. Hindi Siya nakikilala sa pamamagitan ng teolohiya. Nakikilala ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi n'yo maipapaliwanag ang Diyos. Siya'y lampas sa anupamang pagpapaliwanag.

77 Tingnan n'yo ang ibinunsod nito, tayong mga Pentecostal na dati-rati'y pentecostes. Pinagugupitan na ng mga kababaihan natin ang kanilang buhok, nagkokolorete na. Pinapayagan naman ito ng mga kalalakihan natin. Pinapayagan naman ito ng mga ministro natin. Natatakot silang magsalita ng anuman tungkol dito. Palalayasin kasi sila ng iglesya kapag nagsalita sila laban dun. Oh, kung hindi ba't kailangan na kailangan na talaga

ng paglilinis ng bahay, mula sa pulpito hanggang sa pinaka silong. Kahiya-hiya na. Kadusta-dusta na.

78 Isang lalaki ang lumapit sa akin, kamakailan lang, at ang sabi, "Kapatid na Branham, mahal ka ng mga tao." Pero sabi, "Palagi mo silang binubulyawan, binubulyawan sila na mga kababaihan, dahil sa pagkakaroon ng maiiksing buhok at mga ganoong bagay."

Sabi ko, "Sinabi ng Bibliang kahiya-hiya para sa babae ang pagkakaroon nito."

79 Niwawalan niya ng puri ang kanyang asawang lalaki kapag ginagawa niya 'yun. At ganap na isang tanda ito na napalayo ka na sa Diyos. Alalahanin n'yo, sa kaso ni Samson, ang mahabang buhok ay isang tanda ng pagiging Nazareo na lumayo na siya sa sanlibutan, patungo sa Salita ng Diyos. At kapag pinagupitan n'yo ang buhok n'yo, kababaihan, tinatanggihan ninyong kayo ang tanda ng Nazareo. Nalilihis kayo patungong Hollywood sa halip na manumbalik sa Biblia. Sabi ng Biblia, "Huwag silang maahitan." Kita n'yo, kahiya-hiya mismo, at walang sinasabi na kahit ano ang mga ministro tungkol dito.

80 Sabi nung lalaking ito sa akin, "Bakit hindi mo na lang pabayaan sila na mga kababaihan?" Sabi, "Itinuturing ka pa naman nila na isang propeta."

Sabi ko, "Hindi ko kailanman sinabing isa akong propeta."

81 Sabi, "Itinuturing ka nila na ganoon. Turuan mo sila kung paano makatanggap ng mga espirituwal na kaloob at gumawa ng kung anong bagay. Dapat turuan mo sila ng malalawak na bagay, dakilang mga bagay."

82 Sabi ko, "Papaano ko silang tuturuan ng algebra gayong ayaw naman nilang matuto ng kanilang ABC, kung paano mamuhay nang angkop tungkol dito? Papaano mo ibubunsod 'yun? Oo, mag-umpisa ka muna sa pinaka kauna-unahang bagay."

83 Taon-taon na lang, binabagtas ko ang buong bansa, at palala ito nang palala sa tuwina. May kung anong mali saanman, hindi sa Salita. Kaya naman pala hindi natin mapagningas ang mga apoy ng rebaybal. Kinakailangan natin ng oras ng paglilinis ng bahay. Hindi kailanman gagawin 'yun ng Diyos hangga't bumalik tayong muli. Kailangan natin ng oras ng paglilinis ng bahay.

84 At ikaw na lalaki, hahayaan mo ang maybahay mo na gawin ang isang bagay na gaya nun, magsuot ng shorts! Hindi sila mga Methodist, Baptist. Mga Pentecostal pa nga, siyanga, "may anyo ng kabanalan, Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, sala-sa-init sala-sa-lamig," Pentecostal sa pangalan, ganoon lang. Ang Pentecostes ay hindi isang pangalan, ito'y isang karanasan ng bautismo ng Espiritu Santo, na lumilinis sa mga tao. Kaya

naman pala hindi tayo puwedeng magkaroon ng mga kamangha-manghang gawain ng pagpapagaling at mga bagay-bagay, kasi may bagay na namali sa kung saan. Si Satanas nga, na nakita tayong nagpupumilit na . . .

85 "Buweno, kung magsalita kasi kami ng anuman tungkol dito, hihinto sila sa pagiging kasapi."

86 Tandaan n'yo, hindi n'yo sinusuyo-suyo ang mga Cristiano. Matatag ang mga Cristiano. Mga kalalakihan at kababaihan sila ng Diyos, na naninindigan para sa Diyos, kahit ano pa ang sabi-sabihin ng kung sinu-sino. Hindi mo na kailangang magmakaawa sa kanila't engganyuhin sila, at pabanguhan sila't ituring silang parang bata. Yun ay mga inalagaan lang sa paso, mga hybrid na halaman, mga walang kapakinabangan, hindi sila mamumunga kailanman.

87 Naalala ko tuloy, 'yung gaya sa isang . . . Malapit na ang panahon ng pamumugad. Napansin ko ang maliliit na ibon ngayong araw, sa banda roon, maliliit na mayang nagdadala ng dayami sa kanilang mga pugad. Hindi magtatagal at mamumugad na sila, pinapipisa ang kanilang mga munting itlog. Alam n'yo, maaaring magkaroon ng isang pugad ng mga itlog ang isang munting ibon, at maaari siyang maupo roon sa pugad na 'yun ng mga itlog, at babaligtarin niya ang mga 'yun kada ilang minuto; gagamitin ang munti niyang mga paa roon at babaligtarin niya ang mga 'yun, at uupuan 'yun. Ngayon, kung hahayaan niya ang mga itlog na 'yun na pasukin ng lamig, pagkatapos nilang painitan nang minsan, hindi mapipisa ang mga 'yun. At kaya daglian siyang lumilipad at kumukuha ng sansubong pagkain, at babalik kaagad sa ibabaw nung mga 'yun uli.

88 At alam n'yo, ang matandang nanay na ibon na 'yun, maaari siyang maupo roon sa mga itlog na 'yun, at ibabaligtad ang mga 'yun kada dalawang minuto, at hindi . . . haya't magsasakripisyo pa nga't titiising hindi kumain hanggang sa lubha na siyang hinang-hina't hindi na siya makaalis sa pugad. Pero maliban, siyanga, na ang nanay na ibon na 'yun ay nagkaroon ng pakikipagpisan sa lalaking ibon, hindi mapipisa ang mga itlog na 'yun ano't anuman. Kahit ano pa, gaano mo man silang haplus-haplusin nang may pagsuyo, hindi sila mapipisa. Maiiwan silang nakatiwangwang mismo sa pugad at mabubulok.

89 At kung mayroon lang sanang panahon kailanman na dapat na makipagpisan ang Pentecostes sa Kabiyak, kay Jesus Cristo; dahil wala tayong nakukuhang anuman kundi isang pugad lang na puno ng mga nabubulok na itlog, tinatanggihan ang Pananampalataya, pumapasok sa Konsehong Ekumenikal, at tinatawag pa nga ito na mga dakilang bagay raw, ang maupo sa tabi ng papa, at sasabihin "espirituwal ito." Ano bang

nangyayari, kayo na mga Pentecostal? Alam n'yo bang sinalita na ng Bibliang mangyayari ang mga bagay na ganito? At sumisigaw tayo dahil sa nagsisipasok ang mga Methodist at Baptist, at saka ang lahat ng iba pang mga bagay gaya nun. Nauunawaan n'yo bang noong nagsipunta ang mga natutulog na dalaga upang bumili ng Langis, 'yun na mismo ang oras na dumating ang Nobyo? At hindi nila nakuha ang Langis! Alam n'yo, ang Pag-agaw ay darating na lihim na lihim, at ang pag-alis, sa darating na panahon, ay ni hindi n'yo mamamalayan na naganap na ito. Nakaalis na pala, at magtataka kayo kung ano bang nangyari.

90 Gaya ng pagdating ni Juan sa lupa. At sinabi nila sa Kanya, sabi, "Buweno, sabi ng Biblia, mauunang darating si Elias." Sabi Niya, "Dumating na siya, at hindi n'yo siya nakilala."

91 Magiging ganoon din ito, balang araw, sasabihin nila, "Ang akala ko ba'y mangyayari ito bago ang panahon ng Kapighatian. Ang akala ko ba'y magaganap ang Pag-agaw." Marahil ang itutugon ng mga salita, "Nangyari na't hindi n'yo ito namalayan." Uh-huh. Haya't marahil mas nalalapit na kaysa sa iniisip n'yo. Oh gumising na, iglesya! Mabuti pa'y huminto na ako riyan; hindi ako naparito para sa doktrina, naisip ko lamang na biglang ipasok 'yan para lamang magkaroon kayo ng karagdagan sa paksang 'yan.

92 Tandaan n'yo, kapatid, nakita na ni Satanas ang malalaking programang ito, sigasig na sigasig ang isang iglesya na daigin ang isa pa, sigasig na sigasig ang isang denominasyon na daigin ang isa pa, binubunot na parang damong-ligaw ang lahat ng kawalan ng edukasyon at ang kailangan daw ay bigyan sila ng isang pagsusulit ukol sa sikolohiya, ipatitingin ang isang lalaki sa isang sikologo bago humayo ang lalaki sa labas para sa pagmimisyon. Pentecostal! Hindi, hindi 'yun—hindi 'yun—hindi 'yun mga Presbyterian, mga Pentecostal nga mismo. Kailangan daw ng pagsusulit tungkol sa sikolohiya ayon sa isang grupo ng mga Pentecostal, malaking grupo, bago humayo sa pagmimisyon ang mga misyunero.

93 Paano kaya kung nagkaroon sila noon ng pagsusulit na gaya nun? Nagkaroon nga sila ng isang pagsusulit. Isa mismong pagsusulit ng pentecostes sa pasimula, noong naghintay sila sa silid sa itaas hanggang sa dumating ang Apoy mula sa Kaitaasan, at ang Kapangyarihan ng Diyos. Iyon nga mismo ang pagsusulit.

94 Hindi kung anong makamundo't, bahagyang-lasing na sikologo na tatayo roon at pilit na susuriin ang isip, na kung medyo balisa ka, o kung ano, sasabihin, "Hindi ka papasa." Gayong, lubos na pinatutunayan nito na ang isang tao na talagang espirituwal ay nerbiyoso, kinakailangan niyang mapasa ganoong kalagayan para makapasok Dito. Kaya hayan nga, kita n'yo, at sadyang ginugulo lamang kung ano ang sinikap

na gawin ng Diyos sa loob ng maraming mga taon, at bubuwelta sa kanilang mga programa at sa mahuhusay nilang . . .

95 Ginaganahan sila kapag nakakakita sila ng maraming tao na nagkakatipun-tipon. Sasabihin, "Kung magagawa ko silang lahat na maging mga Assemblies sana! Kung magagawa ko silang lahat na maging Oneness sana! Kung magagawa ko silang lahat na maging Methodist sana!" Sinisikap ng Methodist na gawin silang lahat na maging Methodist, sinisikap ng Baptist na gawin ang lahat na maging Baptist, ang Pentecostal na gawin ang lahat na maging mga Pentecostal! Oh, wala kayong magagawang kahit ano tungkol dito, itinalaga na ang mga 'yun ng Diyos mula sa pagkatatag ng sanlibutan. Kinakailangan nating ipangaral ang Ebanghelyo. Ganoon lamang. Pero, dahil sa naglalakihan nating mga programa, lumarga tayo na di kasama ang Apoy. Lumarga tayo at gumawa ng sariling-gawang apoy, gaya ng nangyari.

96 At ang ating komunismo, ngayon nga'y labis tayong natatakot, na nakapasok na ang komunismo, "Ano na lang ang mangyayari?" Subalit, alam n'yo, ang matindi't maselang bagay ay hindi naman ang komunismo. Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo 'yan ngayon, hindi ako takot sa komunismo.

97 Kundi ang kinatatakutan ko'y, kayong mga Pentecostal, ay sasakupin kayo ng Konsehong Ekumeniko na ito. Iyon ang nakakatakot. Ibubunsod nun ang tatak ng hayop, at ang mangyayari'y papasok kayo roon. Dahil isa kayong organisasyon, alinman kasi 'yun sa papasok kayo o lalabas. Iyon 'yun, at ang sinumang mabuti, matino, espirituwal na tao'y alam niya 'yun. Kailangan natin ng isa na namang pagpapatotoo sa laot-ng-dagat, diyan natin mapagtatanto ngayon. At ang ating Pentecostal, hayan nga na basta na lang nilululon ito, kawil, pisi at timbulan, "Napakadakilang bagay nga ito!" Kapag ganun na, ang Methodist, Presbyterian, Lutheran, church of Christ, at mga Pentecostal, ay walang magagawa't tatanggihan—tatanggihan na ang inyong dakilang turo't aral na apostoliko, para makapasok lang dun. Ganoon din ang gagawin ng iba pa. Wala nga kayong magiging palag dun. Ang lahat ng 'yun ay tutugaygay sa pakikipagsanib sa Roma, sadyang eksakto mismo sa kung anong napatunayan na. Yun mismo ang sinabi ng Kasulatan.

98 Ano nang nangyayari sa mga mangangaral na pinabayaan lang ang mga bagay na ito na humantong sa ganitong kalagayan, na hindi man lang binabalaan ang mga tao? Sisingilin ito ng Diyos sa kanilang mga kamay. Sa panahong ito mismo ng kaguluhan, gayong nasa kaguluhan sila, sila nga'y nasa kaguluhan. Hindi sa pamamagitan ng komunismo; kundi ang Konsehong Ekumeniko nga ang lalamon sa buong 'yun. At alalahanin n'yo, kapag sinabi n'yo, "Hindi . . . " Mangyayari ito,

tapos huli na ang lahat. Tinanggap n'yo na ang tatak ng hayop. Kabilang ka na roon.

99 Mainam nga na magpunta ka roon sa kalagayan na ngayon pa lang ay makaiiwas ka na rito, siyanga, po, at matatakan ka sa Kaharian ng Diyos. Ang Katawan ni Cristo ay ang mistikal na Katawan ni Cristo, na binautismuhan papasok Dito ng Espiritu Santo; hindi umanib Dito, hindi dinala Rito, hindi hinikayat Dito, hindi dinaan sa pagsasalita ng iba't ibang wika Rito, hindi dinaan sa pasigaw-sigaw para makapasok Dito. Kundi ipinanganak ka Rito, ng Espiritu Santo. Siyanga. Tunay.

100 Ngayon napapansin natin ang mga bagay na ito, dumarating ang mga problema nang biglaan. Oh, tumingin ang diyablo at ang sabi, "Uh-huh, hindi sila magkandamayaw, naroon lamang sila na nagtatalunan nang pataas-baba, sumisigaw, nagtatamasa ng mapagbunying sandali. Alam mo, ngayon na mismo ang oras para palubugin ko sila. Makagaganti na ako sa kanila ngayon."

101 Kaya umakyat siya sa ibabaw ng burol at nagsimulang umihip ng kanyang lasong hininga, whew: "Lumipas na ang mga araw ng himala. Saktong-sakto, naniniwala akong ang mga taong 'yun ay ninenerbiyos na nang husto. Sa palagay ko'y dapat silang dumaan sa isang—isang—isang pagsusulit para masuri ang pag-iisip bago sila magmisyon sa ibang bansa." Mga Pentecostal! Uh-huh. Nakikita n'yo na ang lasong hininga niya na pumapatay sa Salita, "Oh, sa palagay ko iba ang gustong ipahiwatig Nito, naniniwala ako—naniniwala akong ganito. . . " Kita n'yo, dumadausdos pabalik gaya ng ginawa ng lahat ng iba pang mga denominasyon, ganap na diyan mismo sa landas na 'yan sila lumalakad. Kanilang, pinapatay nito 'yun. Sa oras mismo na organisahin n'yo ito, pinapatay nito 'yun. Noon pa ma'y ganoon na. At sa tuwina'y ganoon na ganoon ang mangyayari. Hindi na ito kailanman babangon muli. Wala nga kailanman sa kasaysayan ang napag-alamang may nangyaring ganun. Sa—sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea na ito, nasa labas ng iglesya si Cristo, na kumakatok, nagsusumikap na makapasok. At mangyari nga na hindi nila matagalan Ito. Hindi nila kayang makinig Dito. Natuklasan natin ngayon, na sa oras na kinabubuhayan natin, nagsimula na ang problema.

102 At pagkatapos unti-unti nating nalalaman, hindi na nagaganap pa ang mga himala, di na katulad ng dati. Nagsisiuwi ang mga maysakit na may mga karamdaman pa rin. Hindi 'yun dahil sa Diyos. Dahil 'yun sa kawalan ng rebaybal sa gitna ng mga tao. Walang rebaybal. Sila'y—sila'y nauupo't nakikinig; uuwi, sasabihin, "Buweno, sa palagay ko napakainam nun. Uh-huh." Kita n'yo, wala na ang kasigasigang 'yun. Wala na 'yung bagay sa mga tao na dapat sana'y naroroon.

103 Naaalala ko labinlimang taon na ang nakalilipas, doon sa Arkansas, noong nagdaraos ako ng munting pagtitipon sa

dako ng Jonesboro, noong halos apatnapung libong katao ang nagsusumikap na makadalo roon, pumunta sa pagtitipon sa isang siyudad na nasa labinlimang libo lang ang populasyon. At naupo sila sa ilalim ng mga truck ng bulak at lahat na, at papel lang ang ipinampapayong sa kanilang mga anak na maysakit, para lang makapasok sa loob. Naupo sila sa kanilang mga kinauupuan at ayaw umalis, araw at gabi, at inuutos na lang sa kanilang mga mahal sa buhay na lumabas muna't bumili ng hamburger at isang—isang bote ng pop; at nananatili roon, sa pagputok ng araw at sa paglubog, sa pagputok ng araw at sa paglubog. Nag-aapoy ang kanilang mga puso, nag-aalab. Pinaka maliit lamang na bagay na gawin ng Diyos, pinag-aalab na sila nun. At daan-daan sa kanila ang nagtungo roon.

104 Siya ay siya pa ring Diyos, ngayong gabi, kung papaano mismo Siya labinlimang taon ang nakalipas. Siya ang siya pa ring Diyos, ngayong gabi, kung papaano mismo Siya noong likhain Niya ang kalangitan at lupa.

105 Subalit ano ito? Labis tayong nawiwili't gustung-gusto nating magtatag ng ating mga organisasyon, gustong magtayo ng *ganito*, at magtayo ng *ganito*, at gumawa ng isang bagay na enggrande't maningning, kung ikukumpara sa naroon sa mga Jones, sa mga Methodist, sa mga Baptist, sa mga Presbyterian. Hindi kayo kabilang sa kanila. Hindi, hindi kayo kabilang. Tao sila na makadenominasyon, na ayos lang naman, wala akong anumang laban sa kanila. Maraming mabubuting Cristiano sa gitna nila, pero hindi n'yo dapat iugnay ang sarili n'yo sa mga grupong 'yun na hindi nananampalataya. "Mga taong tinatanggihan ang Kapangyarihan nito," hindi kayo dapat pumanig sa kanila.

106 Alam n'yo, ang problema rito'y, tinatangka n'yong ipasok ang Hollywood sa simbahan. Yung bagay na dapat sana'y pinagsusumikapan n'yong gawin ay iwaglit ang Hollywood palabas sa simbahan. Kita n'yo? Pinaglalaanan n'yo nang labis ang pagpapaganda sa inyong gusali, pinaglalaanan n'yo nang labis ang pagpapalaki pa ng inyong denominasyon, hanggang sa maagaw nito ang pansin ng mga tao. Hindi tayo maaaring pumunta sa panig nila. Kinakailangang sila ang mapunta sa panig natin. Ang lahat ay kumukuti-kutitap, tandaan n'yo, nagniningning ang Hollywood sa kamunduhan, habang nagliliwanag naman ang Ebanghelyo sa kababaang-loob. Malaki ang pagkakaiba ng pagliliwanag at pagniningning. Nagliliwanag ang Ebanghelyo sa kababaang-loob, at kaamuan, at pagpapakumbaba, at kapangyarihan. Habang, ang Hollywood ay nagniningning naman, at ang lahat ay nagsisipag-hooray at naghihiyawan, at sige roon. Kita n'yo? Hindi natin kailangan ang ganun.

107 Ang gusto nati'y ipamuhay ang ganoong Liwanag. Ang sabi Niya, "Kayo ang asin ng lupa." "Kung ang asin ay tumabang,"

’yun ang lakas nito sa Ebanghelyo. Kinakailangan natin ng isang bagay na nagbubunsod ng pagkilos sa ating mga iglesya, upang ang mga Methodist, mga Baptist, mga Presbyterian, at lahat sila, ay magnais na pumunta. Dapat na maging napakaalat natin! Ang asin nga’y nagpapauhaw, nagbubunsod ng pagkauhaw. Ang asin ang linamnam, kapag ito’y madikit. Kinakailangan itong madikit.

108 At nalaman natin, ang matindi nating di-pagkandamayaw ay nagpupumilit sa atin na maungusan ang Methodist at Baptist, sa palakihan ng mga gusali’t palakihan ng mga lugar, at pagalingan ng edukadong mga tao, at palakihan ng eskuwelahan at palakihan ng kolehiyo, at lahat na gaya nun. Di tayo mapakali, at dito na nagsimula ang problema.

109 At titingin sa paligid ang espirituwal mag-isip at sasabihin, “Naku, teka muna, kinakailangan ba nating lahat na tanggapin ang Konsehong Ekumenikong ito? Hahantong ba ang buong grupo natin doon?” Tiyak ’yan, hahantong kayo. Ganoon nga mismo. Bantayan n’yo at tingnan n’yo kung hindi. Sinabi ng Bibliang hahantong nga kayo, mismo, at si Cristo ay naroon na sa labas. Pinagdilim ng buwan ang sarili nito bago ’yung papa (ang kauna-unahang bumisita sa Roma), noong isang gabi, nagpakita sa inyo ng isang tanda sa kalangitan. Hindi nahulaan, ibinunsod ’yun. Talagang gumagawa ang Panginoon ng mga bagay-bagay sa panahong ito, kamangha-mangha!

110 Pagkatapos sa matinding oras na ’yun na madilim, noong naroon sila, dumating ang mga hangin. Ang lahat ng pag-asa para mabuhay ay wala na. Ngayon ano nang gagawin n’yo kapag humantong na sa Konsehong Ekumeniko ang inyong denominasyon? Ano nang magyayari kung ganoon sa lahat ng dakilang mga bagay natin na itinayo rito sa lupa, kapag ang huling pag-asa’y mawala na?

111 Pero alam n’yo, noong pasigaw na sana sila, at ang lahat ng pag-asa’y wala na, na hindi na sila maililigtas pa; haya’t bigla-bigla na lang, nakita nila Siyang paparating, naglalakad sa tubig. Sa oras ng kadiliman, dumating Siya, na naglalakad.

112 Alam n’yo ba kung ano? Noong iwan Niya sila, alam na Niyang mangyayari ’yun, kaya umakyat Siya sa pinakamataas na burol na mayroon sa lupain. Mangyari na kung mas mataas ang aakyatin mo, mas malayo ang matatanaw mo. At umakyat Siya para mabantayan Niya sila, alam n’yo.

113 At alam Niyang darating ’yun. Inihula na Niya na ang araw na ito’y darating. “Kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao, kapag ang Anak ng tao ay nahahayag na.” Sa panahong ’yan, marapat lamang na mahayag ang Anak. Ang lahing masama’t mapangalunya ay hahanap ng isang tanda. Magkakaroon nga ito ng isang tanda. Tatanggihan nito ito na

gaya ng ginawa nila noon, pero ito ay magiging tanda ng muling pagkabuhay. Buhay pa rin Siya, na ginagawa ang siyaring mga ginawa Niya.

114 Nalaman natin, na sa matinding oras na ito, habang ang mga alagad na 'yun ay pawang nangababalisa, umakyat Siya para matanaw Niya sila. Nakaupo Siya roon sa isang burol, pinagmamasdan sila.

115 At ngayon hindi na Siya umakyat ng bundok sa pagkakataong ito, kundi umakyat Siya mula sa libingan, umakyat sa alapaap, lampas ng buwan, mga bituwin, hanggang sa makaakyat Siya nang napakataas hanggang sa kinakailangan na Niyang tumunghay paibaba para makita ang Langit. At nakaupo Siya roon, sa Kaitaasan. Ngayon ang Kanyang paningin ay nasa maya, at alam kong pinagmamasdan Niya tayo. Nakamasid Siya.

116 At dito mismo sa oras na ito ng kadiliman, kung kailan ang mga iglesya ay nasadlak na sa naglalakihang mga programa, at mayroon silang *ganitong* programa at *ganoong* programa, nakaprograma na ang lahat katulad sa iba pang mga iglesya, mga denominasyon. At anong nangyari? Sa oras ng kadiliman, kung kailan nakapagbubulay ang mga taong tunay na puspos-ng-espiritu, "Ano nang mangyayari? Tingnan mo ang mga anak ko!" Sinasabi ng lalaki, "Tingnan mo ang maybahay ko! Tingnan mo *ito*!"

117 At maaga silang nagpapauwi tuwing Linggo, o tuwing pagtitipon para sa pananalangin kapag Miyerkules ng gabi, nagpapauwi nang maaga, para makapanood sila ng *We Love Sucy*, o bagay na gaya nun, sa telebisyon. "Mga maibigin sa sanlibutan, kaysa sa maibigin sa Diyos." Umaasta na tulad nila.

118 Sinabihan ko ang isang binibini noong isang araw, nakasuot siya ng sobrang sikip na bestida. Sabi ko, "Kapatid na babae, napakasikip ng bestidang 'yan. Marahil hindi magandang pakinggan na sasabihin ko ito, pero ganoon po. Isa kang Cristiano, at magiging katitisuran ka."

119 Sabi niya, "Buweno, Kapatid na Branham, alam n'yo po kasi?" Sabi niya, "Ganitong klase lamang ang tinatahi nila."

120 Sabi ko, "Nagbebenta pa rin naman sila ng mga tela, at mayroon silang mga makinang panahi. Walang maidadahilan." Siyanga.

121 Makinig kayo, hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay, mahal kong kaibigan. Hindi sa pinagdidiskitahan ko kayo. Hindi, po. Sinisikap ko kayong ilayo mula sa pagdurusa ng kalooban. Hangga't nasa inyo ang espiritung 'yan, gagawin at gagawin n'yo 'yan. Siyanga. Kinakailangan ninyong maipanganak muli palabas nito. Ngayon maaari n'yong isipin ang gusto n'yo sa pahayag na ito, pero hayaan n'yong sabihin

ko sa inyo ang isang bagay, kita n'yo, "Kung ano ang puso mo, naroon din ang kayamanan mo."

122 Hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. Maaaring kasing busilak ka tulad ng isang liryo sa iyong asawang lalaki, at maaaring kasing busilak mo ang isang liryo, kabataang babae, sa iyong kasintahang lalaki, pero balang araw pananagutin ka ng Diyos sa pagkakasala ng pangangalunya. May sala ka kung nananamit ka nang gaya n'yan. Sabi ni Jesus, "Ang tumingin sa isang babae na may pagnanasa, ay nakipangalunya na kasama ang babae sa kanyang puso." At kapag kinakailangan nang managot ng lalaking 'yun, ang makasalanang 'yun, dahil tumingin sa inyo, sa salang pangangalunya, sinong nag-udyok nito sa kanya? Isipin n'yo 'yun. Kayong kababaihang Pentecostal, mahiya kayo! Kita n'yo? Mahiya kayo!

123 Mahal ko kayo, 'yun ang dahilan na sinasabi ko 'yun. Ang pag-ibig ay nagtutuwid.

124 Nasa isang matinding di-pagkandamayaw tayo, isang matinding di-pagkandamayaw ukol sa pananamit. Ito'y para bang, haya't pakikipagsabayan sa uso sa sanlibutan. Sabi niya, "Huwag mong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay ng sanlibutan; kung iniibig mo ang sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo," Wala akong pakialam gaano ka man magsalita ng iba't ibang wika, tumalon nang pataas-baba, magsayaw, magpagupit ng buhok, magsuot ng ganoong mga bestida. Kayo na kalalakihan ay hinahayaan n'yo lang ito. Haya't ipinapakita ng sarili n'yong bunga kung nasaan kayo. Ganoon na nga mismo. Hindi na nakapagtataka na nasabit tayo sa napakalaking kaguluhan na ito gaya ng kinasadlakan natin, at sa mga hangin ng komunismo, mga hangin ng ismong makasimbahan, at mga hangin ng organisasyong ekumeniko!

125 Isang—isang panahon na nga mismo ng pagsasanib-sanib, isang panahon ng pakikipag-unyon. Pinag-iisa ng mga unyon ang mga manggagawa, nagtatalo-talo tungkol dito. Ang mga bansa'y mayroon na nitong—nitong United Nations, nagkakaisa na sila. Ang mga iglesya ay nagsasama-sama na. Anong ipinapakita nito? Ipinapakita nitong si Cristo at ang Nobya ay malapit nang maging isa na rin. Iyon ang ipinapakita nito. Lahat nitong mga anino ng mga bagay ay nagpapakita na sa tiyak na pagparito. Masdan n'yo nang maigi ngayon habang papatapos na tayo, dahil papagabi na nang husto.

126 At ngayon pansinin n'yo, sa dakilang oras na 'yun kung kailan wala nang kapaga-pagasa, na makaligtas pa, natanaw nilang may Isang dumarating, na naglalakad sa tubig, naglalakad papalapit. At ang bagay, ang nakakalungkot na parte, pakinggan n'yong mabuti, yaong nag-iisang bagay na makatutulong sa kanila, ay kinatatakutan nila. Sabi nila, "Mukha itong multo. Baka ito'y, alam n'yo, isang multo."

127 Kung hindi ba't ganyan na ganyan mismo ang nangyayari uli! Kinakatakutan nila Ito. Takot sila sa panghuhula, takot sila sa kung anong uri ng kapangyarihan ng diyablo; gayong sinabi ni Jesus na mangyayari Ito sa panahong ito. Ang tanging bagay na makatutulong sa kanila ay si Jesus Cristo. Hindi panibagong denominasyon, hindi sa pagsasanib-sanib nilang lahat; haya't palalalain lamang nito 'yun nang higit kailanman. Ang tanging bagay na makakatulong sa inyo ay si Jesus Cristo.

128 At noong ipinangako Niyang magbabalik Siya sa huling mga araw, sa ganitong anyo, at gagawin ang ganito, ipinangako mismo (para bang noong bago dumating ang pangakong anak kay Abraham, ang unang binhi) ang maharlikang binhi ni Abraham, si Jesus ay . . . sinabing makikita ang ganoon din. Bago ang pangakong Anak, ihahayag ng Diyos ang Sarili Niya Mismo sa laman at gagawin mismo ang gaya ng ginawa ni Jesus, gaya ng sinabi Niyang gagawin Niya, kagaya ng sinabing mangyayari sa huling mga araw. At heto ang lahat ng mga pangakong 'yun, na maaari nating ilatag ang mga ito, nang dose-dosena, dito mismo sa harap n'yo, na dapat na mangyayari na.

129 At ang mga iglesya, na dapat sana'y bukas na bukas ang mga bisig, para tanggapin sana Ito, "Medyo natatakot ako Roon. Hindi kasi ito ibinibilang sa grupo namin, kita n'yo." At kinatatakutan nila Ito. Ang tanging makapaglalapit sa kanila kay Cristo, ay si Cristo Mismo, at natatakot sila na anupa't nakakatakot daw Ito. "Oh, hindi ko alam. Baka may espiritu 'yun, kita mo. At hindi ko alam ang tungkol Dito." Takot mismo sa tanging bagay na makatutulong sa kanila.

130 At sa madilim na oras ng kagipitang 'yun, ang hinirang na iglesyang 'yun, ang grupong nakaupo sa dakong 'yun, haya't natatakot sila na baka ito'y mala-multo, ayaw nilang magkaroon ng anumang kaugnayan dito. Pagkatapos ay dumating ang matamis na Tinig na 'yun, "Huwag kayong matakot. Ako ito."

131 Siya ang Salita, hindi po ba? Hindi kailanman Siya nagbabago, bilang ang Salita. Ngayon hindi n'yo ba naririnig ang Salitang nagsasabi, ngayong gabi, "Siya ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Huwag kayong matakot; Ako ito"?

Iyuko po natin ang ating mga ulo.

132 Makalangit na Ama, ang—ang gabi po'y maalinsangan. Madilim ang mga oras, ganoon na lamang na nawala na ang Apoy sa altar. Nanghihimalay Ka sa buong bukirin. Sabi Mo, "Ang Kaharian ay tulad sa isang tao na kumuha ng lambat at nagpunta sa dagat, inihagis ito, at noong hanguin niya ito. Ang Kaharian ay kagaya nito." Panginoong Diyos, balang araw ang huling isdang 'yun na nasa tubig! Ang sabi Mo, "Nahuhuli nila ang lahat na uri." Nahuhuli ng lambat na 'yun ng Ebanghelyo ang lahat na uri; nalalambat nun ang mga pagong, ang ulang, ang mga gagamba, mga ahas, pati isdang kumakain ng bulok.

Hindi namin alam kung anong nalalambat nun, pero may ilang isda roon na ibig Mo pong mahuli. Ikaw po ang Siyang Hukom. Subalit napagtatanto namin, na kaagad-agad ang pagong, ang ulang, at lahat, sila nga'y bumabalik muli sa putikan, pabalik sa katubigan. Pero balang araw ang huling isda na naitalaga na, na predestinadong lalapit, ang huling bahagi na 'yun ng Katawan, ay hahanguin mula sa lawang 'yun.

133 Naghagis Ka ng isang lambat sa mga araw ni Luther, at ni Wesley, nina Alexander Campell, John Smith, Calvin, Knox, Finney, Sankey, iba pa; sa kapanahunan ng Pentecostal, sa panahon ni F. F. Bosworth, at ni Frochman, sa mga dakilang lalaking ito. Naghagis Ka ng mga lambat, sa panahon ni Billy Sunday, na tumugaygay sa mga kapanahunan.

134 At sa panahon ngayon ay sinusuyod Mo pa rin ang dagat. Mayroon po bang isa sa mga isdang 'yun na nakaupo rito ngayong gabi, Panginoon? Kung ganoon nga, sila nawa'y maging tulad ng munting babaing 'yun na nasa may balon. Na maging sa katayuan niya ng pagiging patutot, nakilala pa rin Niyang Ikaw ang Mesiyas. Nakita niya ang tanda. Hayun nga mismo. Sabi niya, "Napagkikilala kong Ikaw ay isang propeta." Wala siyang kamalay-malay 'yun na pala ang Mesiyas. Sabi niya, "Naghihintay kami para sa isang Mesiyas," sa madaling salita. "Nalalaman namin na sa pagparito ng Mesiyas, sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito." At sinabi Mo, "Ako Siya." Hayun na nga mismo.

135 Ngayon po, sa gabing ito, Panginoon, itulot Mong makita nila ito, "Ako ito; huwag kayong matakot. Ito ang pangako Ko." Pagalingin Mo po ang mga maysakit, Panginoon, iligtas ang mga naliligaw, punuin ang mga walang laman.

136 Humayo nawa kami ngayong gabi, at masabi nawa namin sa aming mga puso, habang papauwi kami, kagaya nung mga kalalakihan na taga-Emaus, "Hindi baga't nag-alab ang aming mga puso sa loob namin habang nagmiministeryo Siya sa amin ngayong gabi sa gusali, ang Kanyang Banal na Presensya!" Kung papaanong napagkilala nilang Ikaw 'yun, inanyayahan Ka nila't nabuksan ang kanilang mga mata. Ang bawat isa nawa sa amin, ngayong gabi, ay anyayahan Ka. Sakaling hindi man namin maunawaan Ito, ay anyayahan Ka pa rin namin, paano't paano man. Iyon lamang ang paraan para maihayag Mo ang Iyong Sarili.

137 At napansin namin ang paraan ng paghahayag Mo ng Iyong Sarili pagkatapos ng Iyong muling pagkabuhay, gumawa Ka ng isang bagay sa parehong pamamaraan na ginawa Mo bago ang pagkakapako Mo noon sa krus. Ngayon pumarito Ka po ngayong gabi, Panginoon, sinabi Mong Ikaw ay "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Iyo pong gawin muli, para sa amin, ang gaya ng ginawa Mo sa mga araw na tumayo Ka

rito sa laman, sa lupa. Uuwi po kami, na magaan ang puso, gaya ng mga lalaking 'yun. Sa Pangalan ni Jesus ay aming idinadalangin. Amen.

138 Ngayon sa gawain, ngayong gabi, alam ko pong grabeng init, at mayroon pa tayong dalawampung minuto para makalabas sa takdang oras. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Ako'y . . .

139 Hindi ko mapipigilan o mahahadlangan ang mga bagay na ginagawa ko. Pinakikilos ako ng Kung Ano, noon pa man, sa buong buhay ko, at Ito'y palaging tama. Hindi pa Ito nagsabi sa akin ng kahit ano kundi kung anong nasa Biblia mismo. Hindi ko ito mapipigilan. Wala akong magagawang anuman tungkol dito. Sadyang ginagawa lamang Nito, ano't anuman. At natitiyak ko, kung ako'y tatalima, may isang tao na nangangailangan nito. At ako'y magiging matapat. At sa Araw na 'yun, ibig kong, gaya ng sinabi ng dakilang San Pablo, "Walang dugo ng tao ang nasa aking kamay." Huh-uh. Ang nais ko—ang nais ko'y sabihin sa inyo ang Katotohanan. Hindi gaya na ako'y . . . Haya't mahal ko kayo.

140 At kung mayroon kayong maliit na anak na lalaki . . . Ngayon, bulayin n'yo ito, ginang, na sinaway ko kanina, kayong mga kapatid na babaing may maiiksing buhok at mga bagay-bagay. Kung ako . . . Kung may maliit kayong anak na lalaking nasa gitna ng lansangan, at sinabi mo, "Junior, mahal, mabuti pa't pumasok ka na, mahal. Baka, di ko lang alam, baka ayos lang kung iiwasan ka ng mga sasakyan diyan." Hindi mo mahal ang batang 'yun. Siyanga. Ang gagawin mo'y lalabas ka roon at hahatakin mo at kukurutin kahit matalop pa ang balat nito, o mariin mong papapasukin siya. Siyanga. Mahal mo kasi siya.

141 Ganoon ang Ebanghelyo. Mahal kayo ng Diyos. "At ang Kanyang mga iniibig, Kanyang dinidisiplina at sinasaway ang bawat anak na lumalapit sa Kanya." Kung hindi kayo makatiis sa pagdidisiplina, aalis kayo at magagalit tungkol dito, kung ganoon ilehitimong mga anak kayo, hindi kayo mga anak ng Diyos. Kaya tandaan n'yo lamang, ganyan nga mismo ang Kasulatan.

142 Ngayong isang Salita lang mula sa Kanya, isang salita lang, ay mas higit kaysa sa masasabi ko, nang isang milyon man na habambuhay. Siya kasi ito. Batid natin ang pangako Niya. Alam natin ang ipinangako Niyang gagawin. Ngayon hindi ko alam kung . . . mangyari bang . . . gagawin natin mula sa . . .

143 Namigay ba siya ng mga card uli? Namigay ka ba ng mga card ngayong araw? Ano uli 'yun? J, sige. Sige, para makatipid sa oras, mag-umpisa tayo sa bilang isa. Ngayon, nasa iba't ibang dako siguro sila ng gusali. J, bilang isa.

144 At ngayon mayroon tayong ilang nakakalat. Nagsimula tayo, minsan, mula sa isang *ito*, paunti-unti, minsan pabalik-balik, at sa paikot, pero may ilan na nakakalat sa banda rito. Pero bawat

isa po na pumapasok dito, araw-araw, ay may pagkakataong makaparoon sa pila. Hindi ibig sabihin na dahil pumanhik kayo rito . . .

145 Ilan ang nakakaalam, na sa pagtitipon na ito, nagkaroon na ng halos dobleng kasing dami ng gumaling mula sa mga nakaupo riyan, kung ikukumpara ang bilang ng mga pinagaling dito? Tunay, alam n'yo 'yan. Kita n'yo, ang prayer card ay para lamang papuntahin ang mga tao rito sa itaas, maparating ang Espiritu Santo sa gitna nila, gaya ng nakasanayan n'yo na paggawa roon. Hayan nga't hindi naman talaga natin kailangan 'yun ngayon. Puwede nating hindi na gamitin ang mga prayer card.

146 Kagaya ng ginawa natin kagabi, hindi natin ginamit ang mga prayer card kagabi. Dumako ang Espiritu Santo sa kalagitnaan nila kahit walang mga prayer card. At nasaksihan ko ang maraming bagay na hindi ko na sinabi pa ang tungkol dun, dahil hindi ko alam kung ganoon nga 'yun o hindi. Nanatili pa ring nakakubli sa kanila, at hinayaan ko lamang na ganoon. Hindi ko po alam. Wala namang maidudulot na kapakinabangan kung sasabihin ko ang mga 'yun. Haya't anumang sabihin Niya ay tama, kaya pakinggan n'yo kung ano mismo ang sinasabi Niya.

147 Ngayon J ba ang sabi n'yo? J, bilang isa? J, bilang isa. Sino po ang may hawak ng prayer card J? Itaas n'yo ang iyong kamay. Baka nagkamali ka, iho; baka may . . . Oh, pasensya na. Oh, doon pala sa pinaka likod sa may pader. Umakyat ka rito, binibini. Ibinababa lang nila—ibinababa lang nila ang mga card na ito ngayon, nung binata, ni Kapatid na Borders o ni Billy, isa sa kanila, kung minsan dalawa sila, pinaghahalo-halo nila ang mga card na ito sa harap n'yo, at saka ibibigay sa inyo ang card n'yo, kung ano ang gusto n'yo. Hindi natin alam, na kanilang . . . Maaaring makuha ng isang *ito* ang bilang lima, at makukuha ng isang *iyon* ang bilang pito naman, tapos ang isang *ito* ay bilang labinlima ang makukuha, at 'yung isang *iyon* ay bilang siyamnapu't lima, at hindi namin alam. At pagkatapos, heto, kapag dumarating ako, hayan nga ako, kung saan maramdaman ng puso ko, 'yun ang tinatawag ko, saanman 'yun. Hayan nga ako . . . Kung sasabihin ko . . . Kung minsan ay binibilang ko kung ilan ang nasa isang hilera na ito, tapos hinahati ko ito sa bilang ng nasa hilerang ito at makukuha ko kung anong bilang. Kita n'yo? At mangyari, na kung hindi naman, hayan nga, akin lamang . . . kung ano mismo ang unang pumasok sa isip ko, 'yun ang tinatawag ko.

148 Bilang isa. J, bilang dalawa. Bilang dalawa, bilang tatlo, bilang apat, bilang lima, bilang anim, pito, walo, siyam, sampu, sige't palapitin n'yo sila, kita n'yo. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu. Mainam. Dito po ang daan, dumaan kayo sa may . . . Sandali, nagpunta 'yung isa sa kabila. Ako'y . . . Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam. Sige't tama. Ngayon, heto, narito na, sampu. Buweno.

149 Labing-isa, labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat, labing-lima. Lima ang nadagdag. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima. Mabuti, sige't mabuti.

150 Labing-anim, labimpito, labing-walo, labing-siyam, dalawampu. Isa, dalawa, tatlo, apat. Apat lang ang nakikita ko. Dalawampu, sumagot na ba ang dalawampu? Sige. Ngayon, ayaw nating marami masyado ang nakatayo nang sabay-sabay. Ngayon kapag matapos natin ang mga ito, at maaga-aga pa, magtatawag tayo ng iba pa. Hindi na siguro tayo tatawag. . . Marahil tayo po'y . . .

151 Subukan nating dagdagan ng ilan pa. Subukan natin ng lima pa. Dalawampu't isa hanggang dalawampu't lima, sa mga J, patayuin po sila kung maaari. Dalawampu't isa hanggang dalawampu't lima. Isa, dalawa, tatlo, doon sa likod, apat. Isa, dalawa, tatlo, apat, sige't lima na 'yan. Sige, ngayon huminto na tayo riyan. Mayroong dalawampu't lima sa pila, at sila'y—sila'y pumipila na sa ibaba rito.

152 Ngayon may hihingiin lang ako sa inyong pabor. Maaari n'yo bang ituon sa akin ang buo n'yong atensyon. . . Ibigay n'yo sa Diyos ang buo n'yong atensyon, sa mga susunod na labinlima, labing-anim na minuto. Maaari n'yo bang gawin 'yun? At maaari n'yo bang gawin ito, buksan ang inyong puso? Ngayon tandaan n'yo ang sinabi ko. Huwag n'yo itong hayaang lampas-lampasan lang sa likod n'yo, tulad ng tubig na dumadausdos lang sa likod ng pato, gaya nga ng sabi ng matandang kasabihan. Huwag n'yong gawin 'yun. Haya't isaalang-alang n'yo Ito.

153 Kung may sasabihin ako sa inyo na anumang bagay na wala sa Kasulatan, at isang pangako para sa oras na ito, tungkulin n'yo na makipagkita sa tagapamahala ng gawain at pumunta't sabihan ako tungkol dito. Siyanga. Wala akong—wala akong anumang itinuturo kundi kung ano mismo ang nasa Salita. At kung manatili ako mismo sa Salitang 'yun, at kung sasabihin kong ganoon Ito, at ang Diyos. . . Nasa Biblia Ito. Kung nagsabi ang Anghel ng Panginoon ng isang bagay na wala sa Biblia, hindi 'yun ang Anghel ng Panginoon. Siyanga. Hindi pa Siya kailanman nagsabi sa akin ng kahit ano kundi kung ano mismo ang nasa Salitang 'yun, at kayo mismo'y saksi nito sa akin. Wala pa Siyang sinabing isa man, mula sa daan-daang libo at libo-libo, at sa mga lingguwahe man sa buong mundo, ni minsan ay may nasabi Siya na anumang mali kailanman, o nakapagsabi ng anuman na hindi natupad.

154 Makinig kayo. Tanungin n'yo ang tagapamahala ng gawain at sila rito. Itong nakikita n'yong lahat dito, ay bahagyang bahagi lamang. Tama ba, mga kapatid? [Sinasabi ng mga kapatid, "Tama."—Pat.] Hayan nga, doon sa labas, at doon sa mga pribadong buhay, kung saan sinasabi Niya, "Pumunta ka sa *ganitong* lugar, at tingnan mo *ito*. At *ganito* ang mangyayari.

At sabihin mo ang *ganito* rito, sa dako *rito*." Ganoon mismo nang tuluy-tuloy, sa tuwi-tuwina, kita n'yo, taon-taon. Ang nakikita lamang ng mga dumadalo rito't nakikinig ay ang—ang maliliit na bagay lang. Pero ngayon kung kayo po'y magpipitagan.

155 Ngayon ang lahat ba ng nasa pilang ito ng pananalangin, na nakatayo rito, ay mga estranghero sa akin? Itaas n'yo ang inyong mga kamay kung kayo nga. Sige. Ilan sa mga nariyan, ang nakakaalam na wala akong nalalaman na anuman tungkol sa inyo? Itaas n'yo ang inyong kamay. Ngayon habang . . . Salamat. Hindi ko alintana kung nasaan man kayo nakapuwesto, kung nariyan man kayo sa balkonahe, sa likod diyan na nakasandal sa pader, sa may dako *rito*, saan man kayo. Gagawin kong . . .

156 Ngayon, para ito sa ikabubuti n'yo. Para ito sa kapakinabangan n'yo. Kita n'yo, para ito sa kapakinabangan n'yo.

157 Ang akala ko'y 'yun ang munti kong apong lalaki na nakikipag-usap sa akin noon, pero hindi pala. Mayroon akong maliit na apong lalaki sa kung saan diyan, ngayong gabi, halos sinlaki niya ang bata, at inakala kong 'yun si munting Paul. Palagi niya kasing sinasabi na pupunta siya, tatayo sa entablado, mangangaral para sa akin, at halos wala pa siyang dalawang taong gulang. Sa palagay ko'y hinahanap ng maliit na batang 'yun ang nanay niya.

158 Kaya pakaisipin n'yo lang, sinisikap ko pong tulungan kayo. Ako . . . alam 'yan ng Diyos. Sinisikap kong tulungan kayo, kita n'yo. Ngayon tingnan n'yo, gusto kong makamit n'yo ang benepisyo, kung Siya'y paparito nga sa kalagitnaan natin.

159 Ngayon isipin n'yo ito, ang Persona ni Jesus Cristo na gumagawa sa laman, na gaya ng ipinangako Niya na gagawin Niya sa wakas. Ilan ang nakakaalam na ipinangako Niya ito? Kung papaano nga mismo ang nangyari noon sa Sodoma, noong yaong Anghel na ang Kanyang likod ay nakatalikod, at ang . . . Iyon po ang Diyos. Naniniwala ba kayong iyon nga ang Diyos? Ilan ang naniniwalang iyon nga ang Diyos? ["Amen."] Tunay, iyon nga. Sinabi mismo ng Biblia na iyon nga Siya. At Siya, si Jesus, ay tinukoy 'yun. Ngayon pansinin.

160 Ngayon sa inyo po riyan na walang prayer card, gusto kong gawin n'yo ang isang bagay para sa akin, nasaan man kayo. Ngayon tandaan n'yo, ang mga bagay na ito, antabayanan n'yo kapag sinabi Nito sa inyo na kayo'y pinagaling na, o kung ano ang sasabihin Nito sa inyo na gawin. Antabayanan n'yo kung ano ang sasabihin Nito. Kung ano mismo ang sadyang sabihin Nito sa inyo, 'yun ay para palakasin ang pananampalataya n'yo. At pagkatapos kapag umabot ang inyong pananampalataya sa isang antas, umabot lamang kayo at tanggapin ang Diyos. Hindi po ako ito, hayan nga na batid 'yan ng Amang Makalangit.

161 Tinitingnan ko ang pilang ito rito, wala akong nakikitang isa mang tao na kakilala ko. Wala akong makita kundi dalawa o tatlong tao marahil sa buong dumalo rito, ang kakilala ko. At hindi ko alam kung ilan ba, ngayon dito, masasabi ko, may isa akong nakikita. Alam ko na narito si Edmund Way ilang minuto pa lang ang nakakaraan. Sa palagay ko'y nakita ko siya, at hindi ko—hindi ko . . .

162 Kung hindi ako nagkakamali, may nakikita akong kakilala ko, isang lalaki at ang kanyang maybahay, at isang munting batang babae, na nagngangalang Fritzinger, na taga-roon sa Ohio. Yun nga ba, ikaw nga ba si Kap- . . . ang Kapatid na Fritzinger na *'yun*? Nakaupo ka sa parang maliit na paikot diyan . . . Hayan po sina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Fritzinger, na mga taga-Ohio, mga kaibigan ko.

163 At maliban dun, nakaupo sa dako riyan, isa namang . . . Nakikita ko sa gilid dito, ang isang matandang lalaking magsisiyamnapu't dalawang taong gulang na, ang pangalan po niya'y William Dauch. Siya at ang maybahay niya. Ang maybahay po niya'y isang nars. Si William Dauch, na taga-Ohio, isa siyang malapit kong kaibigan. Kamakailan lamang, nakaranas siya, siyamnapu't isang taong gulang na siya noon, nakaranas siya ng ganap na pagpalya ng puso, atake sa puso, at tinawagan ako ng maybahay niya, para pumunta agad, naghihingalo na siya mismo noon. At sa . . .

164 Isa nga siya sa pinaka matalik kong kaibigan. Habang nasa daan ako papunta sa kanya, nag-aalala ako. At huminto ako, at ang isa sa mga gulong ko ay nawala sa pagkakapantay, at talagang tinatastas nun ang gulong ko na magpira-piraso, At nagpunta ako sa isang gasolinahan ng Texaco, nagpa-gas, at lumitaw sila, inaaninag ko 'yun. At tumuon ako, at nakinita ko si Kapatid na Dauch na naglalakad sa simbahan ko, kinakamayan ako. Sabi ko, "Purihin ang Panginoon." At tumingin ako sa gawi naman dito, at heto na siyang naglalakad sa kalye, at kinamayan ako. Haya't pinuntahan ko na siya.

165 Nakita ko ang kanyang doktor, isang bata-bata pang Judio, o nasa edad media na, lalaking Judio. At sabi ko, "Kumusta naman po siya, doktor?"

166 Sabi, "Wala na siyang pag-asa pa para lumaban." Sabi, "Ipinasok na siya mismo roon sa kulambo ng oxygen." Sabi, "Mamamatay na siya roon." Sabi ng doktor, "Alalahanin mo, siyamnapu't isang taong gulang na siya."

Sabi ko, "Siyanga po, ginoo."

167 Sabi, "Grabe 'yung naging pagpalya ng puso niya. Wala nang magagawa pa." Sabi, "Panahon na para yumao siya."

168 At sabi ko, "Ganoon po, ba. Pero, hindi, hindi pa siya yayao. Siyanga."

169 Pumasok ako, inilagay ko ang kamay ko sa ilalim nung kulambo. Sabi ko, "Kapatid na Dauch, naririnig mo ba ako?" Tiningala niya ako. Ngayon ang totoo po, na baybay ng pangalan niya, isa po kasi siyang Aleman, D-a-u-g-h, at binibigkas ko lamang 'yun ng Dauch, kita n'yo. At inilagay ko—at inilagay ko ang kamay ko sa ilalim nung kulambo, at sabi ko, "Naririnig mo ba ako, Kapatid na Dauch?"

Sabi niya, "Oo."

Sabi ko, "Hindi ka pa yayao. Nakinita ko na hindi ka pa yayao."

170 Isang linggo magmula noon, haya't nakatayo mismo sa simbahan ko, na parating at naglalakad sa simbahan kundi si Kapatid na Dauch! Iniwan ko ang pagtitipon at tumawid sa ilog, papunta sa isang kapiterya, para kumain. At pagbaba ko ng kotse, at naglalakad sa kalye, heto't dumarating si Kapatid na Dauch na handang makipagkamay. Hindi nabibigo ang mga pangitaing 'yun.

171 At ang lalaking 'yun na siyamnapu't isang taong gulang, at nakasubaybay sa bawat pagtitipon, makarating maging sa California. Maaari mo bang itaas lamang ang kamay mo, Kapatid na Dauch? na nakaupo riyan, para makita ng mga tao kung ano mismo ang tunay na sundalo ngayon. Heto, nakaupo mismo rito, kita n'yo, siyamnapu't isang taong gulang, at nakasubaybay pa sa bawat pagtitipon. Kapag nasa tabernakulo ako, bumibiyahe siya nang daan-daang milya araw-araw, para mapakinggan akong mangaral ng maiksing sermon, tapos babalik. Diyos, "Magliliwanag sa oras ng gabi."

172 Sabi ko, noong isang araw na kausap ko siya, sabi ko, "Anong magagawa ko para sa iyo, Kapatid na Dauch?"

173 "Isang kahilingan lang, Kapatid na Branham. Pagparito Niya, ibig kong makasama sa Kanya."

174 Sabi, "Huwag kang mag-alala. Sigurado na 'yan. Tiyak." Ngayon, pumasok na 'yung tao, nabautismuhan na, oh, pumasok at tinanggap ang bautismo ng Espiritu Santo at lahat, sadyang isang kahanga-hangang lingkod ni Cristo.

175 Ngayon hihilingin ko sa lahat, na magpitagan nang lubos, tumingin kayo sa gawing ito at manalangin.

176 Ngayon ilan sa mga tagapagturo rito ang nakakaalam na Siya ang Dakilang Saserdote, ngayon mismo, na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan? Buweno, kung Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at siya pa ring Dakilang Saserdote, kikilos Siya sa ganoon pa ring paraan. Ang tangi't, Siya, ang katawan Niya ay nasa. . .nasa Luklukan ng Diyos. Ilan ang nakakaalam nun? ["Amen."] Ang katawan ni Jesus ay nasa Luklukan ng Diyos. Pero ginagamit Niya ang katawan natin upang sa pamamagitan nito ay mahayag Niya ang

Kanyang Sarili, katulad lamang ng ipinangako Niyang gagawin. "Gagawin din n'yo ang mga gawang Aking ginagawa."

Hihilingin ko sa inyo na maupo nang taimtim, magpitagan, magmasid, manalangin.

177 Ngayon, Makalangit na Ama, sinikap ko pong maging magpitagan ayon sa nakakaya kong gawin, ukol dito. Ngayon isa lamang salitang manggaling sa Iyo ngayon, Panginoon, at nawa ang marahan, at munting Tinig ay bumaba sa mga tagapakinig dito at magsabi, "Ako ito; huwag kayong matakot." Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. At inilalagak ko ang aking sarili sa Iyo, kalakip ng Mensaheng naipangaral ngayong gabi, kalakip ng Iyong Salita na Iyong patutunayan. Hindi Mo naman po kailangang gawin 'yun. Subalit kung Iyo pong gagawin 'yun, o kung Iyo ngang gawin ito, haya't dahil nga sa ipinangako Mo ito. Dalangin ko po na Iyong ipagkakaloob ito, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

178 At ang bawat isa po'y magpitagan nang mainam, sadyang tunay na magpitagan po. Kumusta ka? Ngayon bibigyan ko kayo ng Kasulatan habang nagpapatuloy tayo. Kung gagawin ng Panginoon, hindi ko alam. Subalit para lam-. . . At kanina pa akong nangangaral nang gaya nun, kita n'yo, isa pong uri 'yun ng pahid. Isa naman itong panibagong uri ng pahid. Iyon po'y pagpapala lamang. Ito, sadyang isang bagay, sadyang hinuhugot mismo ang buhay ko mula sa inyo.

179 Ngayon nakatayo rito ang binibini. Hindi ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Estranghero ba tayo sa isa't isa? Sa paniwala ko'y ang sabi mo, kanina, ay hindi kita kakilala. Kilala ka ng Diyos. Kilala Niya ako. Alam mo ba kung ano ang dahilan ng pagkakatayo natin dito ngayon, kinakailangan nating managot dahil dito sa Araw ng Paghatol? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Amen."—Pat.] Batid mo ba 'yun? Alam mo ba na itong ginagawa natin ngayon, pananagutin tayo ng Diyos dahil dito pagdating dun sa itaas? Sinabi ko lamang ito para sa isang layunin. Ngayon, kung ihahayag ng Panginoong Jesus sa akin kung anong ginagawa mo, kung anong nasa isip mo, o bagay na ganoon, sasampalatayanan mo ba ito? Kinakailangan mong sampalatayanan 'yun, hindi ba? ["Amen."]

180 Sasampalatayanan n'yo ba 'yun kayo riyan, na mga nakikinig?

181 Ngayon nakatayo tayo nang sadyang katulad na katulad nung babae roon sa may balon, at ng Panginoon natin, isang lalaki at isang babaing nagtagpo sa una nilang pagkakataon. Kita n'yo? Heto kami, nagkita sa . . . Nasa ika-4 na kabanata 'yun ng San Juan. Ngayon kung sasabihin ng Espiritu Santo . . . Kung narito ka para sa iba pang tao, kung ikaw ay may sakit, kung ito ma'y problema sa tahanan, kung ito'y mga problema sa pananalapi, ano man ito, wala akong ideya. Subalit alam Niya.

Hayan nga na may kakayahan Siyang kumilala ng mga pag-iisip na nasa puso mo. Siya ang Salita. Hindi ko 'yun kaya. Isa lang akong tao. Medyo ninenerbiyos ka, at 'yun ang dahilan na ginagawa ko ito, kita mo.

182 Isa 'yan sa mga problema mo, ang pagkanerbiyos. Siyanga. At mayroon ka ring diabetes, 'yun ang isa pang diperensya sa iyo. Siyanga. Mga komplikasyon, napakarami ngang bagay na hindi maganda. Tama ba? Kung tama, itaas mo ang iyong kamay. Kita mo? Nananampalataya ka bang pagagalingin Ka Niya? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Nananampalataya ako."—Pat.] Nananampalataya ka? Ngayon, ang pagkanerbiyos mo ay dahil sa iyong pagi-edad, kita mo, pero lilisanin ka ng lahat ng 'yun ngayon. At naniniwala ako na sa pamamagitan ng pananampalataya ay makadadako tayo sa Kalbaryo, magkakaroon ng isang pagsasalin ng Dugo.

183 Ngayon, ganoon na ganoon mismo ang ginawa Niya. Sinabi Niya sa babae sa may balon kung anong problema nito. Ang suliranin nga sa babae'y napakarami niyang asawa. Ang iyo naman ay. . . sa palagay ko'y pagkanerbiyos, at dalawa o tatlo pang diperensya sa iyo. Tama, hindi ba? Ganoon nga rin 'yun.

184 Ngayon, noong dumating Siya kay Simon, sinabi Niya rito kung sino ito. Naniniwala ka bang kayang sabihin ng Diyos sa akin kung anong pangalan mo? Mas aangat ba ang pananampalataya mo? Mas aangat ba? Gng. Strong . . . [Sinasabi ng kapatid na babae, "Stout."—Pat.] Stout, sasampalataya ka ba? Humayo ka't manampalataya, at ikaw . . . Tapos na ito. Amen.

185 Halika. Nananampalataya ka ba? Ako nga'y estranghero rin sa iyo. Hindi kita kakilala. Pero kilala ka ng Diyos. Nananampalataya ka bang kaya Niyang ihayag sa akin kung anong problema mo? At kung ihayag Niya, kung ganoon ang Panginoong Diyos ang mapapurihan. Tama ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, tama po."—Pat.] Ngayon hindi—hindi mo na kailangang mangamba, kita mo, hayan—hayan Siya, na nararamdaman mo. Buweno. Nahihirapan ka rin dahil sa isang kondisyon ng pagkanerbiyos, mental na pagkanerbiyos, at madaling maligalig. At pinahihirapan ka ng isang suliranin sa pantog, may diperensya ka sa atay, at may anemia ka. Tama. Mayroon kang . . .

186 Lagi pong may nagpapakita rito na isang anyo ng lalaki. Nananampalataya ka bang kaya kang pagalingin ng Diyos? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Oo, nananampalataya ako."—Pat.] Pagagalingin ang asawa mong lalaki, rin naman, paiigihin ang lagay niya? Sa palagay mo ba'y aalis ang problema na 'yun sa tiyan, at siya'y magiging maayos na? Iyon kasi ang nagpapahirap sa kanya. Humayo ka't ipatong mo ang mga kamay mo sa kanya, sabihin mo sa kanya ito, at ang bagay na 'yun—ang bagay na 'yun ay lilisan sa kanya.

187 Isa akong estranghero sa iyo. Kilala tayong pareho ng Panginoong Jesus, hindi ba? Nananampalataya ka bang kaya kang pagalingin ng Diyos? Kung ihahayag sa akin ng Panginoong Jesus ang bagay na . . . na iyong . . . na nasa iyong puso, makapapanampalataya ka ba na kaya ka Niyang pagalingin? Nagkaroon ka ng ilang diperensya. May naging—naging—naging problema ka sa apdo, isa 'yun. At 'yung isa pa, nagbunsod 'yun na 'yung apdo mo ay magkaroon ng mga ulcer, haya't 'yan nga ang sabi ng doktor mo. Ngayon, 'yung isa pa'y, gusto nilang operahan 'yan. Siyanga. Hindi ba't ganoon nga? Ngayon nananampalataya ka bang kaya Niyang parausin 'yan? Sa tingin mo ba'y nasa Kanya na ang pananampalataya mo? Ngayon alam mong hindi ako ang may gawa nun. Nananampalataya ka ba? Sige. Humayo ka, at kung papaano mismo na nananampalataya ka, mapangyari nga 'yun sa iyo.

188 Estranghero tayo sa isa't isa, sa palagay ko. Kilala tayong pareho ng Panginoong Diyos. Naniniwala ka bang kaya Niyang ihayag sa akin ang mga bagay na makatutulong sa iyo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, alam ko po."—Pat.] Ikaw, nananampalataya kang ihahayag Niya. ["Sigurado."] Sinasabi ko . . . "Sigurado," napakabuti kung ganoon. Napakainam. Ngayon marami kang diperensya sa iyo, napakaraming komplikasyon at mga bagay-bagay, at 'yung tila ubo, at hindi ka gumaling-galing dito. At talagang ninenerbiyos ka. At—at ganoon, ganoon nga.

189 Tapos, may pasanin ka rin sa puso mo, at ang pasaning 'yun ay para sa isang tao, na anak mong lalaki. At dumaranas siya ng isang—isang problema, kung anong problema sa tahanan. Siya at ang maybahay niya, palagi silang nagbabangayan at napupunta tuloy sa . . . ? . . . At nabibigatan ang loob mo dahil dito. Ganoon nga. Ngayon manampalataya ka nang buong puso mo, at magiging maayos na ang lahat at mawawala na 'yun. Manampalataya ka ngayon. Pagpalain ka ng Panginoon.

190 Kumusta ka, ginoo? Isa akong estranghero sa iyo, at—at isa kang estranghero sa akin. At heto't—heto't nagsisimula na . . . Ang mga pangitain ngayon, nakikita ko, para bang ang buong bahay ay nagliliwanag, na para bang tila ipo-ipo na umiikot. Kita n'yo? Subalit nananampalataya ka bang kayang ihayag sa akin ng Panginoong Jesus kung para saan at nakatayo ka riyan? Nananamplataya ka bang ihahayag Niya? Nanampalataya rin naman ako, dun. Kinakausap lamang kita, para kaugnayin ang iyong espiritu, 'yun mismo ang dahilan kung bakit ginagawa ko ito. Kita mo, hindi kita kakilala, kaya pihadong iba mismo bukod sa akin ang gumagawa nito. Kinakailangan ko mismong lubusang lumayo sa sarili ko, para Siya na Mismo ang gagawa nun. Nauunawaan mo ba?

191 Ngayon, isang bagay, nagdurusa ka ng isang matinding kondisyon ng pagkanerbiyos, at ang kondisyon na ito ng

pagkanerbiyos ay matagal-tagal na. Ganoon nga. At ang kondisyon ng pagkanerbiyos na iyon ay nagdulot sa iyo na tumaas ang presyon ng dugo mo, siyanga. At na-stroke ka. Yun nga 'yun. Teka lang, ikaw po'y alinman sa naging isang mangangaral, o ikaw ay isang mangangaral. Ngayon isa kang mangangaral; nakikinita kitang nakatayo sa isang pulpito. Kung ganoon, manampalataya ka sa Diyos, at lilisanin ka ng pagkanerbiyos na 'yan. Mayroon kayong lahat na mga ministro nun. Magiging maayos ang lagay mo. Bumalik ka sa pulpito mo, at sundin mo ang Diyos at manatiling tapat sa Salitang 'yun, kay Jesus Cristo.

192 Naniniwala ka bang nilisan ka na ng sakit mo sa likod, ikaw na nakaupo sa silya? Naniniwala ka ba rito? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Buweno, ginoo, kung ganoon humayo ka na't, sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon."

193 Halika, ginang. Kumusta ka? Naniniwala ka bang lingkod Niya ako? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tunay pong naniniwala ako."—Pat.] Sige. Nanampalataya ka ba na ang suliranin na 'yan na pambabae, sakit na 'yan na pambabae, ay lilisanin ka na? ["Amen."] Nananampalataya ka ba? Kung ganoon humayo ka na't, sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon."

194 Sakit sa bato, sakit sa likod, sa iyong likuran. Nananampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos at pabubutihin ka, mula riyan? Nananampalataya ka bang pagagalingin ka Niya? Sige, iuwi mo na ang iyong . . .? . . .

195 Halika, binibini. Isa akong estranghero sa iyo. Kung hindi ako nagsabi ng kahit ano sa iyo, sa anumang paraan, mananampalataya ka bang ang Presensya ng Diyos ay narito upang magpagaling sa mga maysakit? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tunay, nananampalataya po ako rito."—Pat.] Mananampalataya ka? Buweno, kung ganoon, 'yang sakit mo sa tiyan . . . nasabi ko na sa iyo, makikita mo. Wala na ito—wala na ito. Sinabi ko mismo sa iyo, kita mo.

196 Kumusta ka, ginoo? Nananahan ang Diyos sa puso. At ang puso mo ay halatang-halata kanina, na di mabuti ang lagay. Nananampalataya ka ba na aayusin Niya ito? Humayo ka na sa iyong daan at sampalatayanan mo ito. Pagpalain ka ng Diyos. Manampalataya ka; Kanya itong aayusin.

197 Ninenerbiyos ka, nagdulot 'yun sa iyo na magkasakit sa tiyan, isang peptic ulcer. Ang laking abala nun sa iyo kapag natatapos kang kumain. Nananampalataya ka bang wala na ito nang lubos ngayon? Humayo ka't kumuha ka para sa sarili mo ng makakain.

198 Medyo mahirap para sa iyo ang bumangon, inaabala ka nang husto ng likod mo. [Sinasabi ng pasyente, "Opo, ginoo."—Pat.] Hindi ka na aabalahin pa nito, kung sasampalatayanan mo ito.

Sasampalataya ka ba? [“Opo, ginoo.”] Buweno, humayo ka, at nawa’y lubusan ka nang pagalingin ng Panginoong Jesus.

199 Ano ang labis mong ikinanenerbiyos? Humayo ka lamang, sabihin, “Hindi na ako nenerbyusin pa,” at hindi ka na nenerbyusin. Humayo ka’t manampalataya. Sige, ginoo.

200 Halika, ginang. Ngayon, ’yung babaing taga-Etiopia, at lalaking puti, ganyan na ganyan mismo ang nagkita noong panahon na ’yun, ni Jesus. Mayroon segregasyon sila noon gaya nung mayroon dito sa Timog noon, pero wala na tayo nun ngayon. Ipinabatid sa kanila ni Jesus na ang lahat ng mga tao’y bayan ng Diyos. Walang pagkakaiba, kita n’yo, kung ang isang tao man ay Judio o Samaritano.

201 Ngayon, kung hindi ka tutulungan ng Diyos, hindi magtatagal at lulumpuhin ka ng artritis na ’yan. Pero naniniwala ka bang tutulungan ka Niya, pagagalingin ka? Kung papaano mismo ang ginawa nung babae noon, humayo ka sa daan mo at ipamalita mo sa mga kamag-anak mo kung anong mga dakilang bagay ang ginawa ng Diyos para sa iyo. Sige.

Ngayon, may isang taga-opera na nakahanda na ang kutsilyo niya para mag-opera.

202 Sandali po lamang. Hindi ’yun ang babaing ito. Ngayon, sandali lang, ang bawat isa’y magpitagan ngayon. Si—si Satanas po’y, may binabalak siyang gawin. Heto na ’yun. Tumor, tumor, kayong dalawa. Tama. May tumor ka, may tumor rin siya, at sumisigaw ng saklolo ang diyablong ’yun dun sa isa’t isa. Subalit sumisigaw ang Espiritu Santo, rin naman. Sinong paniniwalaan mo, Siya? Sige. Tumayo ka mula sa kinararatayan mong ’yan, binibini. Bumangon ka mula riyan sa kinararatayan mo. Tumayo ka mula riyan, at manampalataya. Humayo ka, sampalatayanan mo siya ngayon. Amen.

203 Sumasampalataya ka ba? Ang lahat ng bagay ay ipangyayari. Sumasampalataya ka ba? Kayo riyan sa mga upuan?

204 Tumayo tayo ngayon din. Itong oras na ito mismo ang tamang oras para gawin ito. Sige’t ang bawat tao . . . Pagpalain kayo ng Diyos. Ang bawat isa po’y tumayo lang ngayon. Papurihan n’yo ang Diyos. Itaas n’yo ang inyong mga kamay.

205 Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus! Pinupuri Ka namin dahil sa Iyong kadakilaan, at dahil sa pagpapagaling Mo para sa mga may sakit.

*Isang Patotoo Sa Dagat* TAG64-0307
(A Testimony On The Sea)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Marso 7, 1964, sa Soul's Harbor Temple sa Dallas, Texas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org